

I

Laging maraming tao sa gates ng tinatawag na *Mansion* sa Leonardwood Road sa Baguio City. Maraming nagpapakuha ng mga larawan sa harapan ng malawak na field sa pagitan ng driveway at ng isang gusaling akala ng mga tao ay siya nang mansion kung saan tumutuloy ang presidente. Ang totoo, ang Istruktura na iyon ay isang office building kung saan naroon ang *Hall of Heroes* at ilang mga opisina. Nasa kabilang banda pa ang actual residential “mansion” at hindi iyong kita mula sa gates.

Bumaba ng sinasakyan niyang taxi si Hazel Villanueva, bitbit ang isang backpack at isang trolley bag. Iyon ang unang beses na nakabalik siya ng Baguio mula n’ung mag-graduate ang Kuya Oliver niya sa *PMA*. Nagsisilbi ito ngayon sa *Naval Special Operations Group* ng *Philippine Navy* at kasalukuyang miyembro ng *Presidential Security Group* na naka-assign sa *Mansion House Detachment*.

Dapat kasama niya ngayon ang kuya niya kaya lang ay napatawag ito sa *Malacañang Palace* at kinailangang i-postpone ang pag-akyat nito ng Baguio nang ilang araw. Pinapili si Hazel ng kapatid kung gusto na niyang mauna o hintayin pa ito. Dahil excited, sinabi niyang mauuna na siya. Kilala naman siya ng mga tauhan ng kuya niya kaya okay lang na hindi niya ito kasama.

Binayaran ni Hazel ang driver bago isinara ang pinto ng taxi. Hinila niya ang bag patungo sa gate at ngumiti sa

sarhentong nakabantay doon.

“Sergeant Talavera!”

“Uy, Ma’am Hazel!” bati ng sarhento. Ito ang pinaka-senior na enlisted na miyembro ng detachment sa Baguio at ito rin ang pinakamatanda sa edad na forty-five. Suot nito ang black-and-gray-patterned combat uniform ng mga *PSG* at sukbit sa isang balikang rifle nito. Nakangiti itong lumapit sa kanya at kinuha ang bag niya. “Bakit hindi kayo nagpasundo, ma’am?”

“Okay lang po, Top,” sabi niya nang papasukin siya nito. “Hindi ko rin naman po sigurado kung anong oras ako dadating.” Tumabi siya nang kaunti nang may mga nakiraan para makapasok at makapagpa-picture sa grounds. “Mukhang busy po tayo ngayon ah.”

“Marami nga pong tao. Iking!” tawag nito sa isa pang sundalong nasa loob ng guard house. “Ihatid mo nga muna si ma’am sa barracks.”

“Naku, okay lang ako, Top. Hindi naman mabigat itong mga bag ko.”

“Hayaan niyo na si Iking, ma’am,” nakangiti pa ring pilit ng sarhento.

Lumabas ng guard house ang isang matangkad na sundalo. Gray-and-black din ang uniporme nito at may dala ring rifle. Noon lang ito nakita ni Hazel. Mukhang mas bata pa ito sa kanya sa edad niyang twenty-one. Ipinakilala siya ni Top sa batang sundalo na mahiyaing ngumiti sa kanya at kinuha ang mga dala niya.

“Okay lang bang wala ka d’un sa gate?” tanong niya habang naglalakad sila paakyat sa driveway patungo sa barracks ng mga *PSG*.

“Okay lang po, ma’am,” sabi ni Iking. “Kaya naman po ni Top ‘yun. Saka sandali lang naman po ako.”

“Gaano katagal ka nang naka-assign dito?” usisa pa ni Hazel.

“Mga three months pa lang po, ma’am. Pero taga-

La Union lang naman po ako kaya okay na rin po. Mas madali po rito kaysa sa *Malacañang* ako ma-assign.”

“Ah, sabagay.”

Medyo mahiyain si Iking n’ung una pero bago sila makarating ng barracks at naging komportable na ito at naging makuwento na. Hinayaan itong magsalita ni Hazel habang naglalakad sila.

May matatangkad na mga puno sa gilid ng daan patungo sa barracks ng *PSG*. Tiningala ni Hazel ang tuktok ng mga iyon. Medyo malakas ang hangin at malamig kahit pa summer pero iyon ang gusto ng dalaga. Kaya nga rin dito siya nagdesisyon na mag-aral ng kolehiyo kahit taga-Maynila talaga sila.

Na-miss din niya ang lamig. Kaya rin naman siya nagsabi sa kuya niya na sasama siya rito paakyat nang umuwi ito sa kanila noong weekend. Gusto niyang mas maagang umakyat bago niya kailangang bumalik sa dorm bago magsimula ang huli niyang taon sa kolehiyo.

Sa *UP Baguio* nag-aaral si Hazel. Journ major siya na kasalukuyang freelance reporter din ng Northern Luzon Bureau ng isa sa mga pinakamalalaking pahayagan sa Pilipinas.

Pumasok sila sa barracks ng mga *PSG*. Medyo luma na ang two-story building at mukhang kailangan na ng mga repairs pero dahil puro sundalong barako ang nakatira room, wala namang sirang pinto, butas na bubong o kaya ay pundidong ilaw. Iyon lang, puwede sanang mas pagandahin pa ang barracks. Wala namang masama kung pinturahan ‘yung mag dingding o kaya eh ayusin ‘yung sahig na kahit ubod ng linis eh halatang dinaanan na ng isang milyong combat boots dahil kupas na at madulas.

Kaya lang naisip ni Hazel na baka dahil babae siya kaya gusto niyang lagyan ng arte ang lugar. Kung okay naman sa mga barako niyang temporary housemates ang hitsura ng tinitirhan ng mga ito, di okay na rin ‘yun sa

kanya.

“May susi po kayo sa kuwarte ni Lt. Villanueva?” tanong ni Iking nang makapasok sila.

“Opo, ibinigay niya sa ‘kin.”

Two-story ang gusali pero dahil nakatayo iyon sa isang burol, technically ay nasa second floor ang entrance niyon. May isang receiving area pagpasok ng gusali at isang open space na may mahabang mesa at hallway na may mga silid. Sa kabila naman ng receiving area, o sala, ay ang hagdanan pababa sa mga sleeping quarters ng mga sundalo.

Sumunod siya kay Iking pababa. Nasa kanan ng hagdan ang kusina, at ang CR at showers habang nasa kaliwa ang isang may kalakihang espasyo kung saan naroon ang isang billiards table at isang maliit na sala bago ang mga sleeping quarters.

Kay Lt. Villanueva ang ikalawa sa huling silid sa hilera ng mga silid sa kanan. Sinusian ni Hazel ang pinto at pinihit ang doorknob. Gaya ng ibang mga kuwarte, may ilang bunk beds sa loob. Napupuno kasi ang barracks kapag nasa Baguio ang pangulo at share ng silid ang mga miyembro ng *PSG*. Pero kung ganitong wala naman doon ang presidente, tig-iisa ng silid ang mga sundalo kahit pa maraming kama sa isang kuwarte.

Ibinaba ni Iking sa bakanteng kama ang backpack ni Hazel at inilagay sa tabi niyon ang trolley bag.

“Gusto po ninyo ng kape, ma’am? Merienda?”

“Naku, hindi na. Thank you!” natatawa niyang saad. “Salamat sa paghatid sa ‘kin.”

“You’re welcome, ma’am.” Tumingin ito sa hallway sa labas ng pinto bago siya muling binalingan. “Ah, wala po kasing tao ngayon dito. Lima lang po kami rito ngayon. Nasa gate po kami ni Top ‘tapos nasa labas din ‘yung iba. Okay lang po ba kayong mag-isa rito? Kasi p’wede naman po kayong lumabas muna d’un sa grounds. D’un po kayo

sa ‘min ni Top sa gate.”

Ngumiti si Hazel. “Okay lang ako rito. Magliligpit lang muna ako ng gamit. Pero sige, lalabas ako sa gate mamaya.”

“Sige, ma’am,” sabi ulit ni Iking. “Kung may kailangan kayo, tawagan lang po ninyo kami ni Top. May supplies pa po ba si Lieutenant? Kasi kung wala po, may kape at biscuit po ako sa kuwarto ko.”

Natutuwa na si Hazel rito. “Okay lang talaga ako,” sabi niya. “Tatawag na lang ako kung may kailangan ako.”

Muling sumilip si Iking sa hallway bago tumango sa kanya. “Sige, ma’am. Akyat na po ako ulit.”

“Okay. Salamat ulit.”

Tumango ito bago lumabas ng silid at isinara ang pinto. Naiwan si Hazel sa katahimikan.

Mga alas tres pa lang naman ng hapon. Mataas pa ang araw at maliwanag ang kalangitan. Medyo open space ang makikita sa labas ng bintana ng kuwarto ng kuya niya. Maraming halaman doon at alam niyang mga tanim iyon ng mga kasama ng Kuya Oliver niya. Minsan raw nagluto ng pinakbet ang mga kasamahan nito at, maliban sa karne siyempre, sa garden nila kinuha lahat ng sahog sa ulam. Pero di siya magtatataka kung mamaya eh may alaga ngang baka, baboy, kambing at mga manok ang mga ito. They seemed like the type.

Lumapit si Hazel sa kama ng kapatid. Mula pa noong bata ito, malinis na si Kuya Oliver at maayos sa mga gamit. Ngayong sundalo na ito, mas lumala pa yata ang pagkaorganizado nito.

Malinis ang silid. Kung may alikabok man, siguro dahil tatlong araw nang nasa Manila ang kapatid niya. Nakahilera pantay-pantay ang supplies nito ng kape, biscuits, cup noodles at de-lata sa isang mababang mesa. Ganoon din ang mga uniporme nitong naka-hanger sa mga hooks sa dingding.

Oh, well. Naupo si Hazel sa kama kung saan ibinaba ni Iking ang bag niya at binuksan iyon para maglabas ng mga gamit. Siguradong mahihimatay ang kuya niya kapag nakita ang mga gamit niya. Para rito nakakalat na ang mga iyon kahit pa para kay Hazel, super organized na siya. Pero magtiis na lang muna si Kuya Oliver. Mahal naman siya nito eh.

Nang makaayos ng mga gamit, inilagay niya sa shoulder bag ang tablet, phone at wallet bago siya lumabas ulit ng silid. Lalabas na muna siya.

Bumalik ang dalaga sa gates at nagpaalam na mamamalengke. Sinabihan niya si Sgt. Talavera na ipagluluto niya ang mga ito ng hapunan kaya huwag nang magluto para sa sarili nila. Nahiya pa ang sarhento pero naging mapilit si Hazel kaya sa huli, sinabi na lang ng sarhento na ito na ang bahala sa kanin at soft drinks.



Ilan lang naman ang mga PSG na naka-assign sa *Mansion* at any given time. Nang hapunan ng gabing iyon, lima lang ang kasabay ni Hazel na kumain. Gayunpaman, muntik nang maubos ang niluto niyang beef with broccoli kundi lang ipinaalala ni Sgt. Talavera na may darating pa silang dalawang kasama nang gabing iyon.

Nag-unahan sa pag-volunteer na maghugas ng pinggan ang mga sundalong kasabay nilang kumain. At dahil si Iking at si Sgt. Peralta ang nauna sa lababo, nag-volunteer na lang sina Sgt. Dela Vega at Sgt. Tan na maglinis ng banyo para kay Hazel.

“Nagpapapogi ang mga bata ah,” biro ni Top. Kasama niya ito na nakaupo sa mga kawayang sofa sa sitting area ng barracks. “Ang sisipag!”

“Baka gusto pong magpa-impress kay Kuya,” tawa ni Hazel.

“Sus, kahit naman po nandito si LT, hindi ganyan

kasisipag ‘yang mga ‘yan. Kapag may nanligaw sa ‘yo sa mga ‘yan, sabihin lang ninyo sa ‘kin at ako na bahalang magpadaplis ng bala sa puwet.”

“Top naman!” sabay-sabay na tawag ng mga tauhan nito.

Tumawa si Hazel. “Thank you sa paghugas ng pinggan at sa paglilinis ng banyo ko,” sabi niya sa mga ito habang sinisilip ang apat mula sa kinauupuan niya.

“You’re welcome, ma’am!” sabi rin ng mga ito.

“Baka gusto mo nang magpahinga, ma’am,” sabi ni Top. “Okay ka lang ba sa kuwarto mo?”

“Okay na okay po, Top. Komportable po. Ah, pwede na po bang mag-toothbrush? Medyo inaanok na po kasi ako eh.”

Tumango ang sarhento. “Ah, sige, ma’am. Dela Vega! Bilisan ninyo d’yan sa banyo at gagamitin na ni ma’am!”

“Ito na, Top!” sabi ng tinig ni Dela Vega. Lumabas ito ng banyo kasama si Tan na parehong may dalang mga bote ng toilet cleaners at scrubs.

“Okay na ‘yung unang stall, ma’am. Malinis na rin naman po ‘yung lababo saka shower,” sabi naman ni Tan.

“Wala naman pong ipis?”

“Ay, wala. Kung meron, sabihin n’yo kay Top. Raratratin niya ‘yun.”



Mga twenty minutes si Hazel sa CR na amoy lemon pa. Fresh na fresh iyon at medyo nahiya pa siyang gumamit dahil talagang parang iinspeksyunin ng heneral ang banyo sa linis.

Nang lumabas siya, nasa sala pa rin ang mga sundalo bukod kay Sgt. Peralta na mukhang pumasok na sa silid nito. Lumingon sa kanya ang mga ito at masayang ngumiti.

Si Top ulit ang nagsalita. “Iwan na lang po namin

‘yung ilaw dito sa labas saka sa banyo. Baka kasi gusto ninyong magbanyo sa gabi o madaling araw, para hindi na ninyo hahanapin ‘yung switch. Kung may kailangan kayo, katabi lang ng kuwarto ninyo ‘yung kuwarto ko. Si Iking ‘yung nasa tapat. Katukin lang po ninyo kami. Si Peralta po ‘yung nasa gate ngayon.”

“Sige po. Mauna na akong matulog.”

“Good night, ma’am!” parang mga batang sabay-sabay na sabi ng mga sundalo.

“Good night!” bungisngis ni Hazel.

“Salamat po sa dinner!” habol ni Iking.

“You’re welcome!”

Bumalik ng kuwarto niya si Hazel, inayos ang toiletries at isinampay ang tuwalya. Isinara niya ang mga bintana dahil alam niyang magiging mas malamig pa kapag iniwan niyang bukas ang mga iyon. Nagsuot siya ng makapal na mga medyas at isang beanie dahil alam niyang sasakit ang tainga niya kung hindi. Sobrang lamig kasi talaga sa Baguio kapag Enero.

Pinatay niya ang ilaw at nahiga siya sa kama pagkatapos ay hinila pataas ang makapal na kumot. Hindi niya napigilan ang ngiti.

She really loved it here in Baguio. Iba lang talaga ‘yung sarap ng panahon at maging ‘yung mga tao. Ngumiti si Hazel sa sarili at hinila ang kumot hanggang ilong niya bago siya tumagilid at pumikit. Huminga siya nang malalim pagkatapos ay nagpahila sa antok.

Hindi niya alam kung gaano katagal na siyang natutulog nang bigla siyang napasinghap at napabalikwas dahil sa biglaan niyong malakas na pag-uga.

LUMILINDOL!

Itinulak ni Hazel paalis ang kumot bago ibinaba ang mga paa sa malamig na sahig. Humihingal, pinakiramdaman niya ang paligid. Nahihilo yata siya. Nahihilo lang ba siya o talagang lumindol?

Hindi niya sigurado. Tumayo na lang siya at nagmamadaling lumabas ng silid. Napasinghap siya at napahinto sa gulat nang makita ang papalayong likod ng isang tumatakpong sundalo. Saan ito nanggaling?

“Sarge!” tawag ni Hazel kahit hindi niya kilala kung sino ang sundalo. Lahat naman kasi ng kasama niya eh pawang mga sarhento. “Sarge!”

Hindi siya nito pinansin. Tumakbo lang ito palayo, palabas ng hallway, patungo sa sala, pagkatapos ay paakyat ng hagdanan na para bang may hinahabol.

Lumabas siya ng silid para habulin ang sundalo. Ba’t ba kasi ‘yun tumatakbo? Kailangan ba nilang mag-evacuate dahil lumindol? Bigla tuloy niyang naalala ‘yung mga nabasa niya tungkol sa 1990 earthquake kung kailan halos gumuho ang Baguio.

Impit siyang napatili sa gulat nang tuluyan siyang may makabangga nang dumating siya sa dulo ng hallway.

“Ma’am! Okay lang po kayo?” tanong ni Iking na nakasuot na ng puting T-shirt at sweatpants. Hawak nito ang magkabila niyang braso dahil muntik na siyang matumba sa lakas ng pagkakabangga niya rito.

“Sorry po,” sabi ni Hazel nang makabawi sa takot.

“Nagbabasa po kasi ako rito sa labas. Narinig ko po ‘yung tawag n’yo.”

“Natakot po kasi ako sa lindol.”

Kitang-kita ni Hazel ang pagpapalit ng ekspresyon sa mukha ni Iking. Noong una eh puno ng pag-aalala ang mukha nito bago ito halatang naguluhan, pagkatapos ay biglang namutla. Siya na ang humawak sa mga braso nito sa pag-aalalang baka ito ang himatayin.

“Iking?” tanong niya. “Okay ka lang? Gusto mo ng tubig?”

Natauhan ang lalaki. “Ah, ano po. Hindi po,” iling nito. “Ma’am, baka nananaginip ka lang po. Hindi naman po lumindol.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Hazel. “Pero ramdam na ramdam ko. Malakas eh.”

Umiling muli si Iking. “Hindi po talaga. Nakahiga rin po ako sa sofa kaya kung lumindol po, naramdaman ko. Baka po nanaginip lang po kayo.”

“Eh sino po ‘yung sundalong tumakbo paakyat? Nauna lang po ng konti sa ‘kin. Siya nga ‘yung tinatawag ko eh kasi akala ko kailangan nating mag-evacuate kasi ang bilis niyang tumakbo.”

Sa ilalim ng palad ni Hazel, parang naramdaman niyang tumayo ang mga balahibo ni Iking.

“Naku, ma’am, ano po. Hindi ko po napansin,” sabi nito na hindi na makatingin nang derecho sa mga mata niya. Hinila nito ang braso saka hinawakan ang sa kanya para igiya siya pabalik sa silid niya. “Baka ako nga po ang nanaginip, ma’am, kaya di ko namalayan ‘yung lindol. Huwag po kayong mag-alala, okay naman na po. Lalabas naman po si Top kung may problema. ‘Tsaka kung evacuation po, d’un po tayo lalabas sa pintuan sa sala.”

Hindi pa rin kumbinsido si Hazel pero nagpagiya na rin siya kay Iking pabalik sa silid niya. Ipinagbukas siya nito ng pinto pagkatapos ay binuhay ang ilaw. Sinipat nito ang silid na para bang sinisigurong walang masamang-loob na naroon bago tumabi para makapasok siya.

“Sige na, ma’am. Matulog na po kayo ulit. Kakatukin ko na lang po kayo kung may ano po, kung may aftershock.”

Mabagal siyang tumango-tango habang nakatingin pa rin sa mukha ng sundalong hindi pa rin makatingin sa kanya nang derecho. “So, ano ba ‘yun? Lumindol talaga o panaginip?”

“Kayo, ma’am? Ano sa palagay n’yo?” tanong nito na nag-aalangang nakangiti.

Natawa na lang siya saka umiling. “Sige na. Gisingin mo na nga lang ako kung kailangan nating mag-evacuate ng building.”

“Yes, ma’am!” Parang nabunutan ng tinik si Iking dahil hindi na niya ito kukulitin. Umatras ito at masayahin pang sumaludo sa kanya. “Good night po!”

“Good night, Iking!” Muli niyang isinara ang pinto, pagkatapos ay pinatay ang ilaw. Nakiramdam pa siya sa dilim. Malamig ang silid at ang sahig. May ilaw sa labas at kita niya ang mga anino ng mga halamang kumikilos kasabay ng ihip ng hangin. Pero wala naman siyang ibang nararamdaman.

Bumalik siya sa kama at muling nahiga. Matagal bago siya nakatulog pero derecho naman na ang tulog niya hanggang kinabukasan.

Hindi na siya muling ginising ng panaginip.

II

Kinabukasan, pumunta si Hazel sa opisina ng diyaryo kung saan siya nag-fi-freelance. Close sila ng Bureau Chief na si Ma'am Donna dahil bukod sa pagiging boss niya, naging professor pa niya ito sa ilang Journ subjects niya sa *UP* at thesis adviser pa niya ito.

Matapos nilang mag-usap tungkol sa gusto niyang gawing feature article tungkol sa mga *PSG* na nakadestino sa Baguio, nagpaalam na si Hazel. Gusto kasi niyang mamasyal tatal malapit naman na siya sa town.

Naglakad lang siya papuntang Session Road. At habang ninanamnam ang lamig, bigla niyang naisip na kalahating taon na lang pala siya sa Baguio. Parang bigla siyang nalungkot.

Dahil medyo bumaba ang mood, tumawid siya ng Session Road at bumaba sa isang side street papunta sa bakery kung saan siya bumili ng mga tinapay na pang isang batalyon. Masarap kasi ang mga tinapay doon at instant comfort food niya. Isa pa, para pa-merienda na rin niya sa mga kasama sa barracks. Pagkatapos ay bumalik na siya sa *Mansion*.



Tuwang-tuwa ang mga sundalo sa gate nang ibigay niya sa mga ito ang merienda.

“Ikukuha ko na lang po kayo ng palaman sa barracks,”

sabi niya pero mabilis na nagsiilingan ang tatlo.

“Naku, ma’am, mapapagod pa kayo. Si Iking na po ang kukuha,” sabi ni Sgt. Tan.

“Eh di si Iking naman po ang napagod,” tawa niya.

Lalong naningkit ang singkit nang sarhento nang ngumiti ito. “Okay lang ‘yan, ma’am,” sabi nito na sinisiko si Iking na ngumunguya na ng cinnamon roll. “Masipag naman po ito.”

“Opo, ma’am,” sabi na rin ni Iking. “Ako na lang po para di n’yo kailangang bumalik. Gusto po ninyo ng kape?”

Umiling si Hazel. “Naku, hindi na po.” Luminga-linga siya pagkatapos ay tumingin kay Top. “Actually, gusto ko po sanang mamasyal dito sa loob. Kailangan ko po ba ng bantay?”

“Naku, sige, ma’am. Mamasyal ka lang. Sasabihan ko na lang ‘yung mga naka-perimeter na samahan ka. Alam naman po ninyo kung saan kayo hindi p’wede pumasok nang walang kasama, di ba?”

Tumango siya. “Opo. Sa garden lang po ako malapit sa bahay.”

“Sige po. Mauna na kayo, ma’am. Ipapahanap ko na lang kayo sa isa sa mga bata.”

“Sige po!” masayahin niyang payag bago nagsimulang maglakad palayo ng gatehouse. Lumingon pa siya ulit dahil narinig niyang tinawag siya ni Top pero hindi pala siya tinutukoy nito.

“Ma’am, bawal po d’yan,” sabi nito sa isang babaeng akmang susunod kay Hazel sa pag-aakalang bukas din sa publiko ang driveway paakyat paglampas sa malawak na grounds malapit sa gate.

“Ay, ba’t po siya?” tanong ng turista.

“May security clearance po siya, ma’am.”

Nahihiya siyang ngumiti kay Top, kumaway, bago nagpatuloy sa paglalakad paakyat ng sementadong driveway na sinusundan ng mahabang linya ng mga puno

sa magkabilang banda hanggang sa hindi na niya naririnig o nakikita ang kumpulan ng mga turista sa gates.

Huminga siya nang malalim saka masayang ngumiti. Iba kasi ang tuwa niya sa mga tahimik na lugar.

Saglit pa siyang naglakad hanggang sa marating niya ang actual mansion. Walang tao roon ngayon dahil wala ang pangulo. Maging ang staff ay hindi roon tumutuloy. Lumiko si Hazel sa damuhan pero hindi na siya tumuloy sa lugar kung saan naroon ang greenhouse at ang vegetable gardens. Huminto na lang siya sa kumpulan ng mga puno sa isang banda at naupo sa ilalim ng isa sa mga iyon.

Pumikit siya at pinakiramdaman lang ang lamig ng hangin at ang katahimikan. Bihira na lang kasi ang mga lugar na tunay na tahimik. Nakaka-relax. Halos marinig niya ang sarili niyang isip. Napangiti siya at muling nagmulat. Mabuti pa, simulan na niya ang article niya dahil parang inspired naman siya.

Kinuha niya sa bag ang malaki niyang *Filofax*. Mas gusto kasi niyang longhand ang pagsusulat niya ng drafts at outlines ng mga articles. Mas gusto rin niya ang loose leaf na binder kaysa sa notebook para hindi niya kailangang pumilas ng papel kung bali-baliktad ang mga sinusulat niyang notes. Saka na lang niya iyon inoorganisa sa laptop.

Sinimulan niya sa listahan ng mga kailangan niyang i-research para may background siyang pang-frame sa article. History ng *Mansion*, anecdotes tungkol sa mga pangulong nagbakasyon doon, kung may mga chismis ang mga PSG na maaaring ikuwento at malaman ng publiko...

Natuwa si Hazel dahil napansin niyang mukhang madadalian siya sa pagsusulat ng feature article na 'to. Maging siya kasi ay interesado sa topic. Nakakadalawang pages na siya ng notes nang huminga siya nang malalim at nag-angat ng paningin sa langit bago biglang parang lumundag palabas ng katawan niya ang kalansay

niya sa gulat sa sundalong nakatayo di-kalayuan at pinagmamasdan siya.

“Jusko naman, sir!” bulalas ni Hazel habang kinakabog ang dibdib niya para i-restart ang puso. Pero hindi niya alam kung magagalit siya dahil natakot siya o matatawa dahil kitang-kita niya sa mukha nito na gulat na gulat din ito sa kanya. Pinili na lang niyang matawa. “Kayo naman kasing mga sundalo! Ba’t ba ang tahimik n’yo kumilos?”

“Ah,” simula nito bago muling isinara ang bibig. Tumikhim ito, pagkatapos ay muling nagsalita. “Hindi n’yo po ako narinig?”

Nagpatuloy si Hazel sa pagkabog sa dibdib habang pinagmamasdan ang sundalong nakatingin lang din sa kanya na hindi niya mailarawan ang mukha. Basta may gulat doon na parang di ito makapaniwala. Sa alin, hindi niya alam. Sa ganda siguro niya.

Ngayon lang niya ito nakita. Wala ito noong nakaraang gabi sa hapunan. Siguro isa ito d’un sa mga taga-Baguio talaga kaya umuuwi pagkatapos ng trabaho. Ito rin marahil ang inutusan ni Top para bumuntot sa kanya.

Dahil walang pakundangan naman itong nakatitig sa kanya, pinagmasdan na rin ni Hazel ang sundalo. Nakasuot din ito ng uniporme ng mga PSG, ‘yung digital camo na itim, gray at puti.

Matangkad si Kuya kahit pa para sa average na sundalo. Malapad ang mga balikat nito, tuwid ang tindig at makisig. Guwapo rin ito, amin ni Hazel, ‘yung klase ng guwapong alam niyang agaw-pansin kahit pa hindi nakauniporme. Maiksi ang buhok nito, kayumanggi ang balat, maganda ang hugis ng ilong, at parang inukit ni Lord ang panga. Maganda rin ang mga mata nitong kulay tsokolate na tila hindi nito maiiwas sa mukha niya.

Nadama niyang nag-init ang mga pisngi niya. Kasi naman, kung makatingin si Kuya! Pero hindi siya nag-iwas ng tingin. Tinaasan pa niya ito ng mga kilay at ikiniling ang

ulo sa isang banda para tingnan ito nang mapagtanong. Mabilis na umiling ang lalaki at sa wakas ay inalis na ang paningin sa kanya.

“Pasensya na po,” paghingi nito ng paumanhin. “Ah...” anitong muli na parang di na naman alam kung ano ang sasabihin. “Ano po. Matagal na po ba kayo rito?”

Nangingiti na si Hazel sa pagkaaliw. “Kahapon lang po ako dumating. Kapatid po ako ni Lt. Villanueva.”

Tumango ang lalaki. “Ahm, ano po... kumusta naman kayo rito? Okay naman kayo?”

Tuluyan na siyang ngumiti. Ang cute kasi talaga nito, guwapo at malaking mama pero medyo awkward at unsure sa sarili. Wala lang. Cute lang.

“Okay naman po. Masaya naman po. Hindi ko kayo na-meet kagabi. Kasabay ko sila Top naghapunan. Pang-umaga po ba kayo?”

Tumango itong muli bago lumingon patungo sa direksyon ng mga vegetable garden. “Sige po, ma’am. Nand’yan na po si Iking.”

Sinundan niya ang tingin nito pero hindi pa naman niya namataan si Iking. Nang bumalik sa lalaki ang tingin niya, naglalakad na ito palayo. Gusto niya itong tawagin pero hindi niya alam ang pangalan nito. Hindi niya naitanong.

“Ma’am Hazel?”

Noon nilingon ni Hazel ang pinanggalingan ng tinig at nakita niyang papalapit na si Iking.

“Hi, Iking,” bati niya na may ngiti para sa lalaki bago bumaba sa hawak nitong pinggan na may cinnamon buns ang mga mata niya.

“Pinadalhan po kayo ni Top ng merienda,” sabi ng sundalo bago iniabot sa kanya ang pinggan at isang bote ng *Coke*.

“Si Top talaga. Sabi ko okay na ako eh. Pero thank you.” Ipinatong niya sa bag na nasa kandungan niya ang

pinggan. “May tanong ako. Sino ‘yung isang naka-duty na perimeter ngayon?”

“Alin po?”

“May dumaan po kasi rito kanina. Hindi ko naitanong ‘yung pangalan niya. Wala kasi siya kagabi.”

“Ah, baka si Kuya Henry, ma’am. Matangkad pong medyo singkitin?”

Singkit ba si Kuya? Hindi naman pero hindi rin naman malaki ang mga mata nito. “Medyo po.”

“Si Kuya Henry po ‘yun. Perimeter po siya. Taga-rito po ‘yun sa Baguio talaga. Maaga ‘yun pumapasok kaya hanggang alas cuatro lang po ang duty niya.”

Mabagal na tumango si Hazel.

“Kayo, ma’am, ah,” tukso ni Iking. “Yaan n’yo. Sabihin natin kay Top na sabihan siya na huwag munang umuwi mamaya para maipakilala niya kayo!”

“Intrigero ka ah!”

Nagkatawanan silang dalawa.

“O, hindi pa muna n’yo ubusin ‘yang merienda ninyo,” sabi ng lalaki nang magsimula siyang tumayo.

“Kayo naman kasi, nagdala kayo ng merienda, ako lang ang dinalhan n’yo. Nahihiya tuloy akong kumain kasi wala akong kasabay.”

“Kumain naman na ako, ma’am,” anito sa kanya bago inabot ang bag niya para ito na ang magbitbit niyon para sa kanya.

Nagkuwentuhan pa sila habang naglalakad pabalik ng barracks. Inihatid siyang muli ni Iking hanggang sa pintuan ng silid niya.

“Wala pong tao rito, ma’am,” sabi nito ulit. “Okay lang po ba kayo? Kasi sabi sa inyo, okay lang pong tumambay kayo kasama namin sa gate.”

“Okay lang po talaga. Gusto ko po ng oras na mag-isa lang.”

“Hindi po kayo matatakutin, ma’am?”

Natawa si Hazel. “Hindi po. Hindi naman po ako naniniwala sa multo.”

Mabilis na tumango ang sundalo. “Sige po. Basta nandun po sa labas ‘yung telepono kung may kailangan po kayo.”

“Sige po.”

Nang iwan siya nito, pumasok lang siya sa silid at ibinaba ang bag niya roon bago muling kinuha ang *Filofax* niya para dalhin sa living room. Doon niya ipagpapatuloy ang pagsusulat.

Palabas siya ng silid ng mabitawan niya ang *Filofax* at ang pouch na dala niya. Nagkalat tuloy sa hallway ang mga papel, ballpen at highlighters na para bang nagpaagaw ng school supplies ang *NBS*.

“Tsk! Paka-clumsy!”

Lumuhod si Hazel para damputin ang mga iyon. Isinalansan niya ang mga papel at gumapang pa siya papunta sa silid na katabi ng tinutuluyan niya kung saan may isang piraso ng papel na sumuot sa ilalim ng pinto. Inaabot niya ang dulo niyon na nakalabas sa hallway nang biglang nahila ang papel papasok ng silid.

Napaupo sa gulat ang dalaga. Shoot. May nag-iwan sigurong bukas d’un sa pinto palabas ng garden kaya humangin. Tumayo siya at pinagpag ang sarili bago kumatok sa pinto.

“Tao po?”

Walang sumagot. Inulit niya ang katok pero nanatiling tahimik sa loob ng silid. Inabot niya ang doorknob at inikot iyon. Hindi naka-lock ang pinto. Mabilis niya iyong binitawan.

Kinagat ni Hazel ang labi. May babaril kaya sa kanya kung pumasok na lang siya nang walang paalam sa silid ng may silid? Kukunin lang naman niya ‘yung notes niya, promise.

Lumingon siya sa dulo ng hallway. Walang tao. Muli

niyang tiningnan ang pinto. Sandali lang siya. Sandaling-sandali lang. Hindi pa siya titingin sa mga gamit ng kung sino man ang may-ari n'ung kuwarte.

Dahan-dahan niyang inabot ulit ang doorknob. Maingat na bumalot doon ang mga daliri niya bago niya iyon marahan at tahimik na sinimulang pihitin—

“Ma’am Hazel!”

Kung may Olympic medal sa paatras na long jump, baka napanalunan iyon ni Hazel sa layo ng talon niya palayo sa pinto. Ang init-init ng mukha niyang pulang-pula nang nagmamadali niyang balingan si Top na nagmamadali nang naglalakad palapit sa kanya.

“Top! Sorry po! Nabitawan ko po kasi ‘yung binder ko kaya sumabog lahat ng mga papel ko. May sumuot po sa ilalim n'ung pinto. Eh mahalaga po ‘yun kaya gusto ko po sanang makuha. Kumatok po ako pero walang sumagot kaya sinubukan ko pong tingnan kung nakabukas ‘yung pinto. Sandali lang po talaga sana. Kukunin ko lang ‘yung papel! ‘Yun lang po talaga! At ba’t gan’un po kayong mga sundalo? Ang hilig n’yong manggulat!” mabilis at derederecho niyang sabi.

Huminto na si Top sa harapan niya. Tahimik lang ito pero halatang mabilis ang paghinga. Pero bakit? Sa takot? Panic?

“Naku, ma’am. Pasensya na po. Bodega po kasi ‘tong kuwarte na ‘to. Hindi po namin alam kung nasaan ang susi.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Hazel. “Po? Eh hindi naman po naka-lock ‘yung pinto.”

Bago pa siya mapigilan ni Top, inabot na niya ang doorknob at pinihit iyon kasabay ng malakas na bulalas ng “Diyos ko, Lord!” ng sarhento.

Naka-lock na ang pinto.

Pinilit iyong pihitin ulit ni Hazel pero hindi na niya iyon mabukas. Nagsalubong ang mga kilay niya.

Inabot ni Top ang braso niya at marahan iyong hinila para bitawan niya ang doorknob.

“Naka-lock po talaga ‘yan,” sabi nito bago siya giniya palayo. Tumungo ito para damputin ang mga papel at ballpen na hindi pa niya nadadampot mula sa sahig. “Ginawa na po kasing bodega ng mga gamit na naiwan ng mga dating PSG. Dalawang taon na pong hindi nabubuksan ‘yan. Hindi na po namin alam kung nasaan ‘yung susi.”

Nilington ni Hazel ang pinto pero nadama niyang pinisil ni Top ang braso niya para i-distract siya.

“Mahalaga po ba ‘yung papel ninyo na nawala?”

Ibinalik niya ang tingin kay Top at nakitang medyo namumutla ang sarhento. “Hindi naman po super halaga, Top. Puwede ko naman pong isulat ulit.”

Tumango ito at inabot sa kanya ang mga gamit niya. “Sa taas na lang po kayo magsulat, ma’am. Mas komportable ‘yung mga upuan d’un kaysa d’yan sa kawayan. Tsaka nasa taas po sina Tan at Peralta. May kasama kayo.”

Tumango na lang si Hazel pero hindi niya maalis sa isip ang mahiwagang pinto ng “bodega”. Hindi siya nagsisinungaling. Hindi iyon naka-lock n’ung sinubukan niya iyong buksan bago dumating si Top. Nananaginip na naman ba siya?

Nang gising, nakamulat at nakatayo? Not likely.

Pero siya ang nagsabing hindi siya matatakutin at hindi siya naniniwala sa multo o sa paranormal. May dahilan ‘yun. Baka may loko na ang hobby eh ang manakot ng mga kasamahan nito. Sabi nga ng kuya niya, iharap mo sa mga terorista ang mga bata nito, hindi sila aatras. Pero kuwentuhan mo sila ng ghost stories, isang linggong matutulog sa iisang silid ang mga ‘yun, nagsisiksikan at bukas ang mga ilaw. Kaya mahilig din daw itong manakot eh. Masaya raw kasing pagtripan sila Iking.

Di bale, malalaman din ni Hazel ang totoo. Sumunod na lang siya kay Top paakyat.

III

Hindi na nagkaroon ng pagkakataon si Hazel na balikan ang silid nang araw na iyon. Sinamahan kasi siya ng mga off duty na *PSG* habang nagsusulat siya. At dahil hindi siya masyadong maka-concentrate kapag may kasama, nakinood na lang siya sa mga ito ng pelikula.

Si Top ang nagluto ng hapunan para sa kanila at sabay-sabay silang kumain. Bumalik siya sa silid niya matapos tumulong maghugas ng pinggan pero hindi nawalan ng tao sa labas hanggang sa nakatulog na siya kaya hindi na niya nausisa ang katabing silid.

Kinabukasan naman, maaga pa lang ay naririnig na niya ang mga kasama sa labas. Bumangon na lang din siya para masimulan na ang araw.

Matapos mag-almusal, nagpaalam na siyang lalabas muna para makapagtrabaho kahit pa gusto lang niyang maglibot sa grounds para masilayan ang poging *PSG* na nakilala niya kahapon. Ano'ng sabi ni Iking na pangalan ng lalaki?

Asus! Kunwari pa siyang nalimutan niya.

Dala ang *Filofax*, tablet at higante niyang pouch ng mga panulat, naglakad si Hazel palayo sa barracks. Doon siya sa mansion tatambay. Dadaan naman siguro si Henry roon. Makasilay man lang siya. O kung hindi man, at least tahimik sa pupuwestuhan niya.

Pagdating niya sa mansion, naupo siya sa mga

baitang paakyat ng main entrance ng bahay. Sa kabila ng driveway ay may area na may damuhan kung saan nakatayo ang isang flagpole.

Saglit na naghintay si Hazel, nagmamasid kung sakaling mamataan niya si Henry pero nanatiling tahimik ang kapaligiran. Ubod pa rin ng lamig sa kabila ng sinag ng araw kaya hindi siya nag-alis ng jacket. Niyakap niya ang sarili habang naghihintay pero walang dumaan kahit pa 'yung mga kilala na niyang mga miyembro ng PSG.

Nagpasya na lang si Hazel na magsimula nang magtrabaho. Sumandal siya sa dingding saka ikinabit ang keyboard niya sa tablet. Pagkatapos ay ipinatong niya iyon sa kandungan niya bago siya nagsimulang mag-type.

Nasa kalagitnaan siya ng paglalarawan sa grounds nang mamalayan niyang may nagmamasid sa kanya. Lumingon siya sa direksyon ng driveway at napatili siya sa gulat dahil hindi niya inakalang halos nasa tabi na pala niya si Henry.

“Diyos ko ka naman, Sarge!” sigaw niya pero may halo namang tuwang di niya maipaliwanag ang takot at gulat na nadama niya.

“Pasensya na po, ma'am.”

“Ipinaglihi ka ba sa pusa?” Kinabog-kabog ni Hazel ang dibdib.

Nag-aalangang napangiti ang lalaki. “Sorry po talaga.”

Umayos ng upo si Hazel para nasa baitang sa ibaba ng inuupuan niya ang mga paa niya. Subtle invitation ba para maupo ang lalaki sa tabi niya... kung gusto nito. Pero malabo 'yun dahil kilala naman niya ang mga sundalo. Minsan kailangang derechahang sabihin dito para maintindihan nila agad ang gusto mong iparating.

Tiningala niya ito. Ang guwapo nga rin naman talaga ni Kuya, ano? Saka ang kisig din. Kahit siguro sa gitna ng makikisig na sundalo eh stand out ito at ito pa rin ang mapapansin, hindi lang dahil matangkad ito kundi

guwapo talaga.

Natawa na lang si Hazel nang mapagtantong pinagmamasdan din siya nito. “Ako nga po pala si Hazel,” sabi niya na inaalok ang kamay rito. “Kayo po si Henry, di po ba?”

Tumungo ang sundalo sa kamay niya at tiningnan iyon na tila ba nagdadalawang-isip na makipagkamay sa kanya. Tekang, marumi ba ‘yung palad niya? Bago niya iyon mabawi sa pagkapahiya, inabot na iyon ng lalaki. Pero pinisil lang nito ang kamay niya bago mabilis na binitawan. Halos hindi naramdaman ni Hazel ang pagdantay ng palad nito sa palad niya. Mahiyain ba ito o takot ito sa germs ng ibang tao? Di naman siguro. Mahirap maging sundalo kung mabilis mandiri.

“Ba’t po hindi kayo sumasabay sa almusal?” pangungulit niya dahil baka bigla na naman siya nitong layasan kung wala siyang matinong topic na maisip. “Ah, opo nga pala. Taga-dito kayo sa Baguio so malamang nag-aalmusal na kayo sa bahay bago kayo pumasok. Anong oras po kayo pumapasok?”

Parang na-overwhelm yata ng kakulitan niya ang lalaki na di kaagad nakahabol sa kadalalanan niya dahil nakatingin lang ito sa kanya.

“Naku, pasensya na po,” nahihiyang bawi ni Hazel. “Madaldal po kasi talaga ako.”

“Okay lang, ma’am,” anito. “Nakakatuwa nga po. Ako po kasi hindi masyado. Mas gusto ko po ‘yung iba ang nagkukuwento.”

Hindi na nakatiis si Hazel. “Maupo nga po muna kayo! Mangangalay ‘yung leeg ko sa kakatingala sa inyo eh. Ang tangkad n’yo pa naman.”

Mukhang nag-alangang muli ang lalaki pero lumapit na rin at naupo sa tabi niya. Sanay si Hazel sa mga lalaking macho, o pa-macho. Lumaki ba naman kasi siyang napapaligiran ng mga barakong sundalo, kaya

medyo bago sa kanya 'yung cute na mahiyaing gaya nitong si Henry.

“Ay, teka. Okay lang bang makipagkuwentuhan kayo sa 'kin? Mamaya mapagalitan kayo ni Top kung malaman niyang hindi pala kayo nakakapagronda dahil sa 'kin.”

Muli itong napangiti. “Hindi 'yun, ma'am. Hindi naman nawawalan ng nag-iikot dito.”

Tumango si Hazel kasabay ng paghahalungkat ng iba pa niyang maaaring itanong dito.

“Gaano katagal na po kayong PSG?”

“Matagal na rin po,” tipid nitong sagot.

“Anong branch kayo ng military?” Hindi lang naman kasi galing sa iisang branch ang mga kinukuhang PSG eh.

Hindi ito agad sumagot. “Ah, sa *Marines* po.”

Natawa si Hazel. “Parang nalimutan na ninyo sa tagal ah ninyong PSG ah.”

“Opo nga eh.”

Pero weird kasi parang ilang taon lang naman ang tanda ni Henry kay Kuya Oliver niya. Ibig sabihin, dapat hindi pa ito gan'un katagal na sundalo.

“Taga-saan kayo rito sa Baguio?”

Muli itong natahimik bago sumagot. “Ah, sa Camp 7 po.”

“Ay, ang layo pa.”

“Opo.”

Muling natawa si Hazel. Ang tipid naman kasing sumagot ni kuya. “Sorry po ah. In-interview ko na kayo.”

“Okay lang po.”

“Journalist po kasi talaga ako. Ay, hindi pa pala. Graduating pa lang po ako. Journalism ang course ko. Last sem ko na po sa *UP*. Enrollment po namin sa January 11. Nauna lang po ako rito sa Baguio talaga kasi nami-miss ko ang Baguio kapag nasa Maynila ako. Pero reporter din po ako sa Northern Luzon Bureau ng *Inquirer*.”

Ano ba 'yan, Haze? Tinatanong ba niya?

“Ah.” Tumango-tango si Henry. “Di magaling po pala kayong magsulat, ma’am?”

“Naku, di ko sigurado kung magaling ako magsulat. Ang alam ko lang, chismosa po talaga ako kaya mahilig akong magbalita.” Pinagmasdan niya itong muli habang nakatingin sa malayo ang lalaki. “Eh, chismisin na rin kita ah. Sino pong family n’yo rito? Parents po ninyo?”

Actually, gusto niyang malaman kung may asawa pala itong inuuwian, hindi lang niya matanong nang derecho. Mamaya isipin nitong interesado siya rito. Kahit totoo eh nakakahiya pa rin.

“Opo, mga magulang po.” Nilingon siya ng lalaki at nakita niya sa ngiti nito na may kapilyuhan din naman palang taglay si Sarge kahit shy type. “Binata po ako.”

“Ah,” sabi lang ni Hazel na nag-iiwas ng tingin. *Dalaga rin po ako ehehe* Pero ayon, hindi na niya alam kung ano ang sasabihin pagkatapos.

“Sige na, ma’am,” sabi ng lalaki. “Babalik na po ako sa trabaho.”

“Ah, sige po,” aniya na masayahin ang tono kahit pa medyo disappointed din siyang aalis na ito. Kaya lang oo nga naman, may trabaho pa ito. Mamaya may makapasok na masamang loob, kasalanan pa niya dahil nakipagchikahan siya d’un sa in charge sa perimeter defense.

Tumayo na ito. “Okay lang po ba kayo mag-isa rito?”

Lagi nilang tanong iyon sa kanya, ano?

“Okay lang po. Mas okay po rito kasi tahimik. Sa barracks po maya’t maya, may dumarating.” Inilibot niyang muli ang paningin sa paligid. “Wala naman pong multo rito ano?”

Nagulat siya nang matawa si Henry. He had a nice, sexy laugh that made her smile up at him. Umiling lang ito.

“Sige na, ma’am. Maiwan ko na po kayo.”

“Okay po.”

Tumango ito sa kanya bago nagsimulang maglakad palayo. Pasimple niya itong pinanood habang pababa sa driveway hanggang sa hindi na niya ito matanaw saka siya napasandal sa pader at bumuga ng hangin.

Hongwapo talaga ni Sarge!

Ano kayang sasabihin ng kuya niya kung sabihin niyang mukhang magkaka-crush siya sa isa sa mga tauhan nito? Kaya lang huwag na niyang sabihin dahil hindi naman siya ang malilintikan eh, kundi si Henry. Hindi pa niya nalilimutan ‘yung nangahas na mag-aya sa kanya sa *PMA Hop* na lower class ng kuya niya. Hanggang ngayon yata eh pinagsisisihan pa rin n’ung kadete na ‘yun na inaya siya nito kahit pa matagal nang wala sa *PMA* si Kuya Oliver niya.

Tama, huwag na niyang sabihin at baka biglang madestino sa kung saan si Henry.

Kinagat niya ang pang-ibabang labi para pigilan ang ngiti. Mukhang tanga naman kasi na siya lang mag-isa eh ngingiti-ngiti siya.

Nagsimula siya muling mag-type sa tablet niya hanggang sa mapuna niyang parang mas lalo pang lumamig sa kinauupuan niya sa kabila ng tindi ng sikat ng araw. Nagsisitayuan talaga ang mga balahibo niya na kinikilabutan siya na hindi niya maintindihan.

Kinuskos ni Hazel ang mga braso sa ilalim ng sleeves ng suot niyang jacket at luminga-linga siya sa pagtataka. Iba kasi talaga ang lamig. At pakiramdam pa niya ay may nanonood sa kanya. Kahit hindi siya naniniwala sa multo, noon siya natakot.

Mabilis niyang ibinalik sa bag ang mga gamit saka siya tumayo. Pagkatapos ay nagmamadali siyang naglakad pababa sa driveway patungo sa direksyong tinahak ni Henry kanina. Hindi siya lumingon dahil pakiramdam talaga niya ay may sumusunod sa kanya.

Tumakbo na siya hanggang sa matanaw niya ang gate kung saan marami nang mga turista ang nagpapa-picture. Napansin niyang nadarama na rin niya ang init ng sinag ng araw at wala na 'yung lamig na tila tumatagos sa buto. Noon lang siya tumigil sa pagtakbo pero mabilis pa rin ang mga hakbang niya hanggang sa makarating siya sa gatehouse kung saan naroon sina Top, Iking at Tan.

“O, Ma’am Hazel,” nag-aalalang sabi ni Top. “Bakit po?”

“Minulto po yata ako, Top,” kuwento niya na kunot ang noo.

Hindi inalis ni Top ang mga mata nito sa kanya pero nagkatinginan sina Iking at Tan bago ibinalik ang paningin sa kanya.

“Ano po’ng nangyari?”

Hindi niya alam sa totoo lang. “Nasa mansion po kasi ako. D’un po ako naupo sa front door. Nakita ko nga po si Henry eh,” sabi niya na sumusulyap kay Iking. “Hindi ko alam ang apelyido niya, sorry.”

Noon lang niya napagtantong hindi nga niya alam ang buong pangalan ng lalaki. Madalas kasi ay automatic sa kanya na ang unang tinitingnan sa uniporme ng mga sundalo ay ang nametag ng mga ito.

“Esguerra po.”

“Opo, si Sgt. Esguerra. Nagkuwentuhan lang kami saglit ‘tapos pag-alis niya, parang lumamig po ‘yung hangin ‘tapos tumayo lahat ng mga balahibo ko.”

Hindi pa rin inalis ni Top ang tingin sa kanya. “Naku, ma’am. Pasensiya na po. Ayoko po kasi kayong takutin kaya hindi ako nagkukuwento pero marami po kasi talaga rito.”

“Lalabas na po muna ako,” sabi ni Iking pagkatapos ay nakipag-unahan pa ito kay Tan na nagmamadali ring lumabas ng maliit na gatehouse. Sinundan sila ni Hazel ng tingin.

“Hayaan n’yo ‘yang mga ‘yan, ma’am. Sabihin n’yo na lang sa mga ‘yan na papunta silang Basilan kaysa magbanggit ka ng White Lady,” ani Top na umiling-iling.

“Pero may White Lady nga po rito?” tanong ni Hazel.

“Naku, ma’am. Huwag n’yong alalahanin ‘yun,” sabi ni Top na halatang hindi sineseryoso ang sinabi niya. Inabot na nito ang strap ng rifle at isinukbit iyon sa isang balikat bago nagsimulang maglakad palabas ng gatehouse. “Ang mga kuwento po rito eh ‘yung may mga aninong dumadaan daw po sa bintana—”

“O ‘yung aleng umiiyak nang alas doce ng gabi, susko!” singit ni Iking na nakikinig din naman pala mula sa labas.

“Tsaka ‘yung nagpapatay ng ilaw sa sala, Top!” habol ni Tan.

“Tingnan mo ‘tong mga walangyang ‘to! Ayoko na ngang takutin si ma’am eh!”

Natawa si Hazel. “Eh hindi naman po ako matatakutin, Top. Natakot ako kanina kasi iba talaga ‘yung pakiramdam pero sabihin na nating mas curious na ako ngayon kaysa takot.”

“O, buti pa si ma’am!” tawag ni Top sa mga bata nito sa labas. “Kayo ang lalaki n’yong damuho, ayaw n’yo magsipaghugas ng pinggang mag-isa sa kusina!”

Sumilip si Iking sa pinto. “Hindi naman kasi ikaw ‘yung nakakita ng White Lady d’un sa labas, Top!” anito bago tiningnan si Hazel. “Seryoso ako, Ma’am Hazel.”

“Naniniwala naman ako!” sabi niya na may malaki nang ngisi.

“Pinagtatawanan ka na tuloy ni ma’am,” turan ni Top. “Ang tapang sa combat mission, sa anino lang pala tataob!”

“Eh kasi naman, Top, ‘yung kalaban puwede ko mapatay sa bala! ‘Yung anino, hindi!”

Binugaw ni Top ang sundalo para makalabas na sila saka siya nito binalingan. “Huwag mong alalahanin ‘yun,

ma'am," anito sa kanya. "Hindi naman kayo sasaktan n'un—"

"Tatakutin ka lang—aray ko!" sabi ni Iking nang hampasin ito ni Top ng sumbrero.

"Hindi kayo sasaktan n'un. Saka hindi naman daw po nagpapakita ang mga gan'un sa mga hindi naniniwala. Mas nagpapakita ang mga 'yun sa mga matatakutin," dagdag nito na pinanlalakihan ng mga mata sina Iking.

"Hindi na po!" sabi ng mas batang sundalo. "A-tapang a-tao na ako!"

Muli siyang binalingan ni Top. "Pero kung gusto n'yo, dito na muna kayo sa gate para may kasama kayo kasi walang tao ngayon sa barracks."

Nilingon ni Hazel ang direksyon ng barracks. Parang mas gusto niyang pumunta doon ngayon para lang i-testing kung may magpapakita nga sa kanya. Siguro kasi tama si Top na hindi nagpapakita ang mga multo sa mga hindi naniniwala at hindi matatakutin kasi talagang hindi pa nakakaranas ng paranormal activity si Hazel, considering nasa Baguio siya ah, at napakaraming ghost stories sa Baguio.

"Hindi na po. Okay lang naman po talaga akong mag-isa. Babalik na lang po ako sa barracks."

"Ah, sige po. Iking—"

"Huwag na po!" tawa ni Hazel nang makitang namutla si Iking. Tama yata ang kuya niya nang sabihin nitong mas sasamahan siya ng mga tauhan nito sa gitna ng kuta ng mga terorista kaysa sa isang kilalang haunted house. "Okay lang po talaga akong mag-isa."

Isa pa, naalala niyang muli ang mahiwagang silid-slash-bodega ng mga ito. Kung walang tao sa barracks, mauusisa niya ang silid nang walang makakaalam.

"Sige po." Tiningnan ni Top ang suot na wristwatch. "1015 naman na po. Nand'un naman po kami bago mag-tanghalian. Sina Henry na po ang pipirmi rito sa gate

noon.”

Hindi niya alam kung ba't lumundag ang puso niya nang banggitin ang pangalan ni Henry Esguerra. *Sus, haliparot na 'to!* Pero tumango lang siya saka kumaway sa mga sundalo bago naglakad pabalik sa barracks.

Tahimik nga roon ngayon. Hindi naka-lock ang pinto at kahit walang ilaw na nakasindi, maliwanag ang paligid dahil maraming bintana. Alam din ni Hazel na kapag gabi, maliwanag nga sa labas kaya kung may dadaan nga sa mga bintana, kung tao man o multo, kitang-kita nga iyon ng mga nasa loob.

Bumalik siya sa silid niya para iwan muna ang gamit at para kalmahin na rin ang sarili. Ang bilis kasi ng tibok ng puso niya pero hindi iyon dahil sa takot. Alam kasi niyang may gagawin siyang kabulastugan.

Hindi naman sinabi ni Top sa kanya na huwag nang pakialaman 'yung kabilang silid, di ba? Oo nga't nasa tono nito 'yun nang sabihin sa kanya na hindi nito alam kung nasaan 'yung susi at na parang minamadali siya nitong ilayo sa silid. Pero wala itong sinabing huwag niyang subukang buksan muli ang pinto.

Kaya maraming namamatay sa mga slasher flicks eh. Maraming matigas ang ulo o kaya eh pilosopo.

Naupo ang dalaga sa kama at tinapik-tapik ng mga daliri ang hita niya sa pag-aalinlangan. Pagkakataon na kasi niya ito. Curious lang naman siya. Kaya nga siya magaling na reporter di ba? At kung curiosity killed the cat, buti na lang at hindi siya pusa.

“Fine. Fine!” aniya sa sarili. “Let’s do this.”

Tumayo si Hazel at lumapit kung saan niya iniwan ang backpack niya. Sa isa sa mga bulsa niyon ay isang maliit na plastic pouch ng mga gamit ng magnanakaw. Actually, mga screwdriver lang naman 'yun. Gusto lang niyang sabihing pang-breaking and entering.

Saka for emergency use lang naman! Bigay pa iyon ng

kuya niyang paranoid na bigla na lang siya makikidnap kaya dapat daw eh may tools siya para pambukas ng mga locks. Ngayon lang talaga niya iyon gagamitin para sa breaking and entering sa silid ng may silid. Malay pa niya kung mabuksan niya 'yun eh ang nabuksan pa lang naman niya gamit ang mga tools niya eh 'yung padlock ng locker niya nang malimutan niya 'yung susi sa bahay.

At bilang added safety measure, kinuha na rin ni Hazel ang rosary na lagi ring nasa bulsa ng bag niya. Pasalubong iyon ng isa niyang tita galing sa Rome na direktang b-in-less ng Santo Papa. Siguro naman effective 'yun sa mga multo kung may multo sa kabilang kuwarto, di ba? Unless Katoliko rin 'yung multo...

Sumilip si Hazel sa labas ng pinto. Tahimik pa rin ang buong barracks. Lumabas siya at marahan siyang naglakad papunta sa kabilang silid. Hindi niya alam kung bakit ba kasi talagang may nanghahatak sa kanya na lumapit doon, na subukan niyang buksan ang pinto at pasukin ang silid.

Marahang hinawakan ni Hazel ang doorknob para pihitin iyon. Totoo namang hindi naka-lock 'yung pinto kahapon. Mamaya nag-jam lang kaya walang makapagbukas—

Napihit ni Hazel ang doorknob.

Ayan na naman ang biglang paglundag ng puso niya bago iyon halos manlaban para makalabas ng rib cage niya. Halos marinig din ni Hazel ang pagragasa ng dugo sa sarili niyang mga tainga.

Biglang nanlamig ang buo niyang katawan kasabay ng paglamig ng hawak niyang doorknob hanggang sa tila nakabalot na sa yelo ang kamay niya. Huminga siya nang malalim at itinulak pabukas ang pinto. Umingit iyon na para bang ilang taon nang hindi nabubuksan.

Hindi alam ni Hazel kung ano ba ang inaasahan niyang makita sa loob pero nang tuluyan niyang maitulak

pabukas ang pinto, ang bumungad sa kanya ay isang silid na katulad lang ng silid niya.

Maliwanag iyon sa sinag ng araw na nanggagaling sa mga bintana. May apat na bunk beds sa loob, mga mesang may makapal na alikabok sa ibabaw at mga upuan. Hindi iyon bodega dahil walang mga gamit na nakaimbak doon. Mukha lang siyang silid na hindi nagagamit.

Sumimangot si Hazel at na-disappoint. Ano ba kasing pinagsasasabi ni Top? Nananakot lang naman pala. Paniwalang-paniwala naman sila Iking kaya walang nagbukas ng kuwarto.

Sa gitna ng sahig ng silid, naroon 'yung piraso ng papel na nilipad ng hangin nang mabitawan niya ang mga notes niya. Pumalatak si Hazel at pumasok para damputin iyon.

Oras na tumungo si Hazel, biglang sumara ang pinto sa likuran niya. Tumili siya sa gulat at noon na nanumbalik ang takot sa mga ugat niya na tila mga karayom na dumadaloy kahalo ng dugo niya. Tinakbo niya ang pinto at hinawakan ang doorknob na hindi na niya mapihit ngayon kahit pa anong lakas niya iyong iikot.

“Top!” tili niya kasabay ng pagkalampag sa kahoy. “Top! Iking! Tulungan n’yo ako! Top!”

Tumili siyang muli nang magdilim ang silid na para pang biglang lumubog ang araw. Biglang nakatayo na lamang siya sa may bintana, malayo sa pintong kinakalampag niya kanina lang.

Sa labas ng bintana ay ang malamlam na ilaw ng buwan. Nagsasayaw ang mga anino ng mga dahon sa puno na hinihipan ng hangin. Mabilis na ang pagtaas-baba ng dibdib niya at nakikita niya ang usok na lumalabas sa kanyang bibig kasabay ng marahas niyang paghinga.

Bumaling si Hazel sa direksyon ng pinto. Nanginginig na siya at hindi na makakilos sa matinding takot. Tatakbuhin na sana niya ang pinto ngunit nagsimula iyong bumukas nang marahan.

Nagsimulang tumulo ang luha niya. “Tulungan n’yo akol!” sigaw niya at nagsimula siyang tumakbo pero hindi siya makalapit sa pinto. Lumalayo iyon kahit pa bilisan ni Hazel ang pagtakbo.

At nang tuluyan na iyong bumukas, huminto na siya nang makitang hindi niya kilala ang lalaking nakatayo roon. Matangkad ito, payat at may kahabaan ang mukha. Nakasuot ito ng uniporme ng PSG. Nagniningas sa galit ang mga mata nitong hindi niya mawari dahil parang kulay pula ang mga iyon. To her, at that time, they seemed to be lit with an inner evil. Iyon lang ang naisip ni Hazel na maaari niyang gamitin para ilarawan ang mga mata ng lalaki.

“Oh, my God,” iyak ni Hazel nang makita ang hawak nitong baril. “Oh, my God. Please. Huwag,” pagmamakaawa niya habang marahang umaatras.

Pumasok ng silid ang lalaki at nagpatuloy sa pag-atras si Hazel. Pero hindi ito sa kanya lumapit. Lumapit ito sa bunk bed na pinakamalapit sa pinto. Noon naaninag ni Hazel na may nakahiga pala roon. Itinaas ng lalaki ang hawak nitong baril at itinutok iyon sa taong nakahiga sa kama. May binanggit itong mga salitang hindi niya naintindihan. Dasal? Orasyon?

Sumpa.

Tinakpan ni Hazel ang kanyang bibig para pigilan ang malakas na sigaw nang tatlong beses na ipinutok ng lalaki ang baril nito sa katawang nasa kama.

Pagkatapos, nayanig ang paligid ng isang malakas na lindol.



Sa sarili niyang silid, sa sarili niyang kama, napabalikwas si Hazel nang magising siya na basa sa luha ang mga mata, masakit ang lalamunan sa kakasigaw at naninikip ang dibdib sa takot. Hindi niya alam kung totoo

bang lumilindol o dahil nanginginig siya.

Huminga siya nang malalim at ipinilig ang ulo para pawiin ang tila sapot na bumabalot sa kanyang utak. Tiningnan niya ang oras at nakitang 10:26 pa lang ng umaga. Lampas sampung minuto pa lang mula nang iwan niya sina Top sa gate.

Hindi niya namalayang nakatulog siya ulit pero 'yung panaginip! Ano ba naman 'yun?

Ayan, kung anu-ano kasing masamang binabalak, binabangungot ka tuloy!

Tinuyo niya ng likod ng kamay ang mga pisngi bago tumayo mula sa kama. Kukuha muna siya ng tubig kasi masakit talaga ang lalamunan niya.

Nang ilapat niya sa kutson ang isa niyang palad, nadama niyang may nadaganan siya. Nilingon niya iyon at inangat ang isang piraso ng papel.

Iyon ay ang piraso ng papel na dinampot niya mula sa sahig ng kabilang silid kanina sa panaginip niya.

IV

Lumabas ng silid si Hazel nang marinig ang mga tinig ng mga sundalo. For a moment, natakot siyang baka minumulto siya dahil di ba nangyayari iyon? Yung naririnig mo na maraming tao sa labas pero pagbukas mo ng pinto wala naman? Pero nakita niyang magkakatulong na naghahanda ng tanghalian sina Iking, Tan, Dela Vega at si Top. Tuluyan na siyang lumabas at naglakad para puntahan ang mga ito.

“Ma’am Hazel,” tawag ng huli nang mapansing nakatayo siya sa pintuan ng kusina. “Kumakain ka ba ng patola? May alam na luto si Iking na patola at miswa. Masarap.” Pero nawala ang ngiti nito nang mapansin marahil ang mukha niya. Ibinaba nito sa mesa ang hawak na gulay bago siya nilapitan at giniya paupo sa isang silya sa mesa.

“Iking, ikuha mo nga ng tubig si ma’am!” utos ng sarhento bago siya muling binalingan. Lumuhod ito sa harapan niya. “Ano’ng nangyari?”

Inabot niya rito ang piraso ng papel na nakuha niya sa silid. Kinuha iyon ni Top. “Yan po’yung papel na nilipad sa ilalim ng pinto ng bodega,” paliwanag niya.

Nag-angat ng ulo ang lalaki para tingnan siya. Bumulwak ang tubig na sinasalin ni Iking sa baso. Lumipad ang mga patolang kinuha ni Tan mula sa mesa para hugasan at nabitawan ni Dela Vega sa lababo ang cooking bowl kung saan nito hinuhugasan ang bigas na

isasaing.

Si Top ang nagsalita habang nag-re-recover ang mga tauhan nito. “Nakapasok po kayo d’un sa kuwarte?” mahina at kalmado nitong tanong.

“Hindi ko po alam,” simula ni Hazel na gulung-gulo sa mga pangyayari. “Kanina po, pagdating ko rito, naisip kong subukan ko ulit buksan ‘yung pinto. Kasi, Top, kahapon, talaga pong napihit ko ‘yung doorknob eh. Bukas po talaga siya. N’ung dumating kayo, saka lang siya nag-lock. Sabi ko baka may nagbibiro lang. Kaya sinubukan ko po ulit.”

Napatingin siya sa mga sundalong nagmamadaling lumapit sa isa’t-isa sa likuran ni Top dahil sa takot habang dala-dala ang mga pinggan, baso, rice cooker at mga patola.

“Ano pong nangyari?”

Ikinuwento niya ang mga naganap mula nang bumaba siya ng barracks hanggang sa magmulat siyang nasa kama na siyang muli at nasa tabi nga niya ang papel na dapat ay nasa kabilang silid.

Napansin niyang mahigpit na ang yakap ng mga sundalo sa likuran ni Top sa mga kagamitan sa kusina na kanya-kanya nilang dinampot kanina bago siya magsimulang magkuwento.

“Top, alam po ba ninyo kung ano ‘yung nangyari d’un sa kuwarte na ‘yun?” tanong ni Hazel.

Bumuntong-hininga si Top at humila ito ng upuan saka naupo sa tabi ni Hazel. Ibinaba nito ang papel sa ibabaw ng mesa sa tapat niya.

“Ang totoo niyan, ma’am, hindi po talaga namin binubuksan ‘yung kuwarte na ‘yun,” simula nito na hindi tumitingin sa kanya. “Yung huli po ‘yang nakabukas, mahigit two years ago na po ‘yun, n’ung nag-imbetiga po ang mga pulis dahil meron pong binaril na PSG d’yan.”

Nakita ni Hazel na nag-sign of the cross si Iking sa

may lababo.

Maging siya ay nanlamig sa narinig. Malinaw pa sa alaala niya ‘yung nakita niya kanina na hindi niya alam kung vision o panaginip o totooang nangyari.

“Dito na po kami naka-assign noon,” patuloy ni Top. “Ako, si Henry, ‘yang si Iking at si Tan, si Peralta, kaming lima, dito na kami noon. ‘Yung CO namin dati si Lt. Tanjuatco. D’un po ‘yung kuwarto niya. Magkasama po sila sa kuwarto n’ung kaibigan niya.”

Nilingon nito si Tan na nakikinig sa likuran nito. “Nasaan na ‘yung tubig ni ma’am?” tanong nito.

“Inumin, Top?”

“Hindi. Holy water,” walang emosyon nitong saad bago nito pinandilatan si Tan. “Malamang inumin!”

Nagmamadaling kumilos ang mas batang sundalo. Binalingang muli ni Top si Hazel.

“Yung si Lt. Tanjuatco, mabait ‘yun. Ayer din po pero hindi po yata sila nagpang-abot ng kuya mo sa *PMA*. Navy po ‘yun, NAVSOG. Matalino, magaling na bata. Tahimik lang pero magaling makisama. Hindi ka magdadalawang-isip na sumunod sa mga utos niya.”

Bumalik si Tan at inabot kay Hazel ang isang baso ng tubig. Sumimsim siya bago niya napagtantong nauuhaw nga pala siya at na masakit ang lalamunan niya sa kakasigaw niya kanina.

“Yung kaibigan niya, si Sgt. Reyes,” patuloy ni Top. “Tahimik din ‘yun eh. Seryoso. Walang ibang kinakausap pero simula pa lang, mabigat na ‘yung pakiramdam ko sa kanya. Hindi ko alam pero wala akong tiwala sa kanya. Alam n’yo ‘yung parang asong hindi n’yo kilala na nakatingin lang sa inyo na hindi n’yo alam kung kailan kakahol o kung kailan kayo kakagatin?”

Tumango si Hazel.

“Gan’un siya. Basta’t alam ko hindi ko siya puwedeng pagkatiwalaan.” Bumuntong-hininga ito. “Isang beses,

dumating dito ‘yung nobya n’ung si Reyes galing Siquijor—”

“Taga-Siquijor po si Sgt. Reyes?” singit ni Hazel. Nothing against Siquijodnon. Minsan na siyang nakapunta sa isla at napakaganda roon. Pero meron pa ring kuryosidad sa likod ng isip niya... marami kasing kuwento tungkol sa Siquijor, di ba? N’ung pumunta siya roon, hindi man siya naniniwala sa mga kuwento, nakadagdag pa rin sa atmosphere para kay Hazel ‘yung sense ng magic at mysticism n’ung lugar.

“Si Lt. Tanjuatco rin naman. Taga-Siquijor din ang pamilya niya. Kaya nga sila naging magkaibigan ni Reyes sa training. Magkababayan sila.”

Tumango si Hazel habang fina-file sa utak niya ang mga nalalaman. “Tapos po?”

“Wala rito si Reyes n’un. Si Lt. Tanjuatco ang nag-entertain d’un sa babae. Wala naman kaming napansin na iba ang trato ni LT d’un. Mabait naman kasi talaga ‘yun at maasikaso. Pero nalaman yata ni Reyes na nandito ‘yung babae. Dumating siya kinabukasan. Alam ko kaagad na magkakaproblema. Iba kasi ‘yung nakita kong galit sa kanya. Halos manlisik talaga ‘yung mga mata niya.”

Naalala ni Hazel ang mga mata ng lalaking nakita niya kanina sa panaginip niya.

“Bumaba na rin sila kaagad n’ung nobya niya pagdating na pagdating niya. Ang sabi, ihahatid lang daw niya ‘yung babae sa pier kasi uuwi na. Wala si LT n’un dito, may nilakad. Pagbalik niya, nakaalis na sila Reyes. Kinabukasan, may dumating ditong mga pulis. Natagpuan daw kasi ‘yung bangkay n’ung babaeng lumulutang sa dagat sa La Union.”

Natutop ni Hazel ang bibig niya sa gulat.

“Nakita nila sa bulsa n’ung babae ‘yung number ni LT. N’un ko nalaman na nanghingi pala ng tulong ‘yung babae na makipaghiwalay kay Reyes dahil nambubugbog daw at... ano raw kasi, mangkukulam daw.”

Kumurap si Hazel. “Ah, ano po?”

Kung hindi siya naniniwala sa multo, mas hindi siya naniniwala sa kulam.

“Yun ang sabi ni LT na sabi n’ung babae, na mangkukulam daw si Reyes. N’ung umalis siya n’ung gabi bago ‘yun, dumaan siya sa foster family niya rito. Yung foster mother kasi niya sa PMA, nagpapatakbo ng women’s shelter. Tinanong daw niya kung puwede nilang kupkupin ‘yung nobya ni Reyes. Kaya lang sayang kasi hindi na inabutan n’ung babae.”

Lumunok si Hazel. “At si ano po, si Reyes po. Siya po ba ‘yung pumatay d’un sa girlfriend niya?”

“Siya ‘yung pinaghihinalaan ng mga pulis. Kami na rin dahil hindi pa siya bumabalik dito noon at hindi raw nag-report sa kampo sa Maynila. Pero n’ung gabing ‘yun...”

Saglit na natahimik si Top. Pinagmasdan ni Hazel ang lalaki habang naka-focus ang mga mata ng sarhento sa maliit na butas sa berdeng plastic na takip ng mesa. Hindi niya ito minadali kahit pa dumadagundong na ang puso niya sa nerbyos. Hindi niya sigurado kung mas gusto o mas ayaw niyang marinig ang katapusan ng kuwento nito na alam niya eh hindi happy ending.

“N’ung gabing ‘yun, n’ung natapos na ‘yung duty namin ni LT, sabay na kami bumalik dito sa barracks. Etong si Tan ang nasa gate n’un ‘tsaka si Henry. Yang kuwarta n’yo ngayon, ‘yan ang kuwarta ko dati. Yung kama mo, d’un ako nakahiga n’un. Alam ko nakatulog na ako eh pero parang may narinig akong tunog ng putok ng baril na naka-silencer.”

Huminga ito nang malalim at kinuskos ng palad ang braso. “Nagsisimula na akong gisingin ng utak ko pero bigla akong napabangon kasi may umuuga sa kama ko. Nakita ko si Lt. Tanjuatco, nakatayo sa ulunan ko. Sabi niya sa ‘kin, ‘Top, gising. Binaril ako ni Reyes.’ ‘Tapos... ‘tapos tumakbo siya palabas ng kuwarta, ma’am. Nang

hindi binubuksan ‘yung pinto.”

Noon na muling nanindig ang mga balahibo ni Hazel. “Oh, my God,” bulong niya na muling tutop ang bibig.

‘Yung inaakala niyang lindol na madalas gumising sa kanya...

Sa isip ni Hazel, nakita niya ang mga nangyari. Ang pagpasok ng lalaki sa silid, ang galit sa mga mata nito, kung paano nito itinutok ang baril sa ngayon ay alam na niyang lalaking nakahiga sa kama, at kung paano nito pinaputukan ang lalaki nang tatlong beses.

Nagpatuloy sa pagkukuwento si Top. “Hindi ko alam kung gaano ako katagal nakaupo lang sa kama ko, iniisip kung nananaginip ako pero bumangon na ako pagkatapos. Lumipat ako d’un sa kabilang kuwarto para tingnan kung binangungot lang ba ako. Nakita ko si LT, nakahiga sa kama, naliligo sa sarili niyang dugo.”

Bumuga ng hangin ang sarhento. “Ginising ko na ‘yung iba n’un. Nagpatawag ako ng ambulansya. Sinabihan ko ‘yung iba na lumabas para i-backup sila sa gate kung sakaling doon papunta si Reyes. Pero si LT, may tatlo siyang tama ng bala. Sa sikmura,” ani Top na itinuturo ang tiyan. “Sa dibdib.” Itinuro nito ang sariling dibdib malapit sa puso. “At sa sentido.”

Pero alam naman na ni Hazel kung saan ang mga tama ni Lt. Tanjuatco. Nakita niya kung paano ito binaril.

“Nagising po siya,” bulong niya na basa na sa luha ang mga mata. “Sa palagay ko po nagising siya at nakita niya ‘yung salarin. Kasi nakita ko pong iginalaw niya ‘yung ulo niya. Naiiwas niya ‘yung sarili niya kahit paano kaya po dumaplis sa sentido ang tama niya at hindi sa noo.”

Tumango si Top. “Siguro nga po. Hindi kasi magmimintis nang ganoon si Reyes.”

“May sinabi po siyang hindi ko naintindihan bago niya ipinutok ‘yung baril. Hindi ko po alam kung Latin o ano. Para nga pong sumpa.”

“Sabi nga n’ung nobya niya eh mangkukulam nga raw ‘yun.”

Sa likuran ni Top, hindi lang si Iking ang nag-sign of the cross ngayon.

“Ano po ‘yung nangyari kay Lt. Tanjuatco?”

“Dead on arrival po,” malungkot nitong saad. Halatang mahirap din para sa lalaki ang nangyari dahil mukhang naging malapit din ito sa dating CO. “Inuwi na siya kaagad ng pamilya niya sa Maynila. Hindi na kami nakadalaw kasi hindi na siya ibinurol. Pina-cremate na agad ‘yung katawan.”

“Kayo po rito?” nag-aalala niyang tanong. “Ano pong nangyari?”

“Eh, ayun. Pagkatapos n’un, gabi-gabi na po akong nagigising na may umuuga sa kama ko. Madalas din namin siyang makita pagbukas namin ng pinto ng kuwarto. Bigla na lang may tumatakbong sundalo d’un sa corridor na bigla na lang mawawala pagdating sa sala. Hanggang ngayon, sinusubukan pa rin niyang habulin si Reyes,” malungkot na saad ni Top.

Napatingin si Hazel kay Iking na medyo napapabilis ang paghalo sa laman ng kaldero nito sa kalan. “Iking, ‘yun na ‘yun ang nakita ko noong unang gabi ko rito na sinabihan mo akong baka nananaginip lang ako!”

“Eh, ma’am, naman! Ayoko namang takutin ka, unang gabi mo pa lang,” depensa nito sa sarili. “Saka mas lalo pong ayokong takutin ang sarili ko!”

“Opo nga, ma’am,” dagdag ni Tan. “Makikitulog na naman po kasi ‘yan.”

Binalingan ulit ni Hazel si Top. “Pero si Kuya Oliver po.”

“Ikinuwento namin ‘yun kay Lt. Villanueva bago siya lumipat dito pero wala naman daw siyang nararamdaman.”

Niyakap na ni Hazel ang sarili. Sa kabila ng takot at kilabot niya, nakadama rin siya ng matinding awa para

kay Lt. Tanjuatco.

“Nahuli po ba si Reyes?”

“Hindi po. Hindi po siya dumaan sa gate n’ung gabing ‘yun. Hindi siya nakita n’ung mga nagbabantay sa perimeter. Alam din naman po kasi niya ang pasikot-sikot dito. Wala ring record kung umuwi siya sa kanila sa Siquijor. Bigla na lang po siyang nawalang parang bula.”

Gayunpaman, sigurado si Hazel na may iniwan ang lalaki rito sa barracks dahil malinaw na hindi matahimik ang kaluluwa ni Lt. Tanjuatco. Hindi niya alam kung dahil ba ‘yun sa sinasabing “unfinished business” ng mga kaluluwa o may kinalaman iyon sa ibinulong ni Reyes bago nito barilin ang tinyente. Basta pakiramdam ni Hazel, hindi pa tapos ang kuwento.

May dahilan kung bakit niya nasaksihan ang nasaksihan niya sa silid na iyon, na nakita niya ang walang saysay nitong pagkamatay. Malamang iyon ang paraan ng tinyente para manghingi ng tulong.

Investigative journalism ang passion ni Hazel. Hindi naman siguro masama kung mag-research siya nang kaunti, hindi ba? Kung magtanong-tanong siya. Total may contacts siya sa ilang mga police stations sa Baguio dahil tambay siya sa mga presinto n’ung police beat ang hina-handle niya sa OJT. Baka kailangan lang ng bagong perspective ng kaso, ‘yung hindi pulis o sundalo ang titingin. Kung wala iyong patunguhan, at least sinubukan niya. Kung meron naman, di maganda. Para man lang sa ikatatahimik ni Lt. Tanjuatco.

Pero una muna sa lahat, lalabas muna siya para pumunta sa simbahan. Magdadasal siya at ipagtitirik ng kandila ang lalaki.

V

Tinanong siya ni Top kung gusto raw niyang lumipat ng kuwarto kahit pansamantala habang wala ang kuya niya pero tumanggi si Hazel. Hindi dahil sa matapang siya. Duwag naman talaga siya at ayaw niyang maulit ang nangyari. Ayaw lang din niyang makaabala.

Palabas na sana siya ulit ng kuwarto na dala ang mga toiletries niya para sa kusina na hintayin ang pinainit niyang tubig pampaligo nang mag-ring ang telepono niya.

“Kuya Oliver!”

“Hi, Haze! Kumusta na?” tanong ng masayahing tinig ng kapatid.

“Okay lang.”

“Inaalagaan ka ba nila d’yan?”

“Yup! Alagang-alaga nila ako rito. Pero, oh, my God, Kuya!” simula niya na nauupo na sa bunk bed para simulan ang kuwento niya. “Minumulto yata ako!”

“Ano?” bulalas ng kapatid. “O, eh ba’t parang excited ka pa?”

“Hindi!” tawa ni Hazel. “Well, actually, natakot ako habang nangyayari pero n’ung tapos na, napatanong na ako kung paano at bakit nangyari ‘yun.”

“Of course,” sarkastikong sagot ni Kuya Oliver. “Ikaw lang talaga ‘yang gan’yan.”

“O, bakit? Hindi ka ba curious tungkol sa multo rito?”

“Curious kaya lang di ko pa kasi nararanasan. Teka,

anong multo naman ang naramdaman mo d'yan? 'Yung anino sa bintana o 'yung crying lady?"

"Lord, ayoko na pong maranasan 'yung crying lady! Pero, Kuya, ano'ng alam mo tungkol kay Lt. Tanjuatco?"

"Ah, 'yung sa kabilang kuwarto."

"Yeah."

"Ano'ng nangyari sa 'yo?"

"Ilang beses na niya ako ginigising dahil inuuga niya 'yung kama," kuwento niya.

"Ngyay!"

Tumawa si Hazel. "Yeah! 'Tsaka I think nakita ko siya n'ung first night ko rito. Do you know what happened to him?"

"Nabalitaan namin 'yung nangyari sa kanya, na pinatay daw ng subordinate dahil sa away sa babae."

Nagsalubong ang mga kilay ni Hazel. "Gan'un?"

"Oo, pero n'ung dumating ako d'yan, ikinuwento naman ni Top sa 'kin 'yung totoong version. Sa kanya ako mas naniwala."

"Do you know him? Si Lt. Tanjuatco?"

"Not personally," saad ng kapatid. "Graduate na siya sa *PMA* n'ung pumasok ako eh. But I know of him. Maganda kasi records niya eh. At kung ikuwento siya ng mga mistah niya, para siyang superhero."

Nabuhayan ng loob si Hazel at gumana ang pagiging reporter niya. "May kilala ka na batchmate niya?"

"Yeah, si Captain Cabrera. Siya 'yung nag-top n'ung mag-graduate sila sa *PMA*. Second si Lt. Tanjuacto n'un. Magkaibigan sila." Biglang natigilan ang kapatid. "Bakit?" mapanghinala nitong tanong pagkatapos.

"Wala!" agad niyang sagot bago napangiwi. Kinagat ni Hazel ang pang-ibabang labi dahil alam na niya ang susunod.

"Hazel."

"I promise, Kuya, wala akong masamang balak!

Curiosity lang.”

“Isusulat mo ‘yan, ano?”

“Ahhhh...” Pinahaba niya ang tunog.

“Hazel,” mapagbantang simula ni Kuya Oliver. “Ayokong masangkot ka sa gulo. Alam mo namang hindi pa nila nahuhuli ‘yung pumatay sa kanya hanggang ngayon, di ba? Malay ba natin kung nasaan siya. Mamaya nand’yan pa ‘yun sa Baguio. Kung magalit ‘yun na binubuhay mo ‘yung kaso, baka madamay ka pa.”

“O, eh di ba unfair ‘yun, Kuya? Siya, malaya pa rin at buhay para maghasik ng lagim samantalang ‘yung biktima niya eh ligaw na kaluluwang hindi maka-crossover sa other side dahil may unfinished business siya rito.”

“What are you talking about?” tawa ng kuya niya. “Isa pa, hindi ka naman naniniwala sa multo ah.”

“Kung ikaw ang gisingin ng multo para hingan ng tulong, siguro naman mapapaniwala ka, ‘no!’ paliwanag ni Hazel.

“And, of course, pagkatapos ng takot, ang una mong naisip ay kailangan niya ng tulong.”

“Oo!” Tumango-tango pa siya na parang nakikita siya ng kuya niya. “I’m kind that way.”

Muling tumawa si Kuya Oliver.

May nakita siyang tila anino sa gilid ng mata niya. Suminghap siya at mabilis niyang nilingon ang direksyon niyon sa pag-aakalang baka multo ang naroon pero si Iking ang nakatayo sa bukas niyang pintuan. Kumakaway ang sarhento para kunin ang atensyon niya. Inangat niya ang isang kamay sa dibdib niya.

“Nagulat ako sa ‘yo!” bulalas niya. Naging magugulatin at nerbyosa na talaga siya!

“Sino ‘yan?” tanong ng kuya niya.

“Si Iking! Akala ko multo!”

“Hi, sir!” malakas nitong bati para marinig ng kapatid niya. “Ma’am, aakyat na po kasi kami ulit. Gusto po ba

ninyong may maiwan dito para may kasama kayo?”

Umiling si Hazel. Feeling matapang siya eh. “Hindi na, Iking.”

“Yung nakasalang po pala ninyong tubig, hindi pa nakulo.”

“Okay. Hihintayin ko na lang.”

“Sige po. Dinig naman hanggang Pangasinan ‘yung ingay ng takure ni Top kapag kumulo na ‘yun eh. Hintayin n’yo na lang po.”

Tumawa na rin si Hazel. “Okay. Thank you.”

Kumaway muli ang lalaki saka siya iniwan.

“Kuya, can you do me a favor?” tanong niya sa kapatid sa kabilang linya.

“If this has something to do with Lt. Tanjuatco— “

“Of course, it does!” putol niya sa sasabihin ng kapatid.

“Hazel!”

“Kuya,” sagot niya na gamit ang kaparehong tono. “Look, it’s going to be okay. Hindi ko pa nga ‘to nadi-discuss sa editor ko kaya hindi ko pa sigurado kung isusulat ko siya, pero ang sigurado ko, I’ll do the legwork habang wala pang pasok, do a bit of research. I’m not going to get in trouble, I promise.”

“Like you promised you wouldn’t get in trouble n’ung huling beses na sinundo kita sa presinto?”

Bumuga siya ng hangin. Matanda na silang dalawa ng kuya niya, ikukuwento pa rin nito ‘yung umaga na ‘yun na sinundo siya nito dahil nagkagulo sa presinto kung saan siya tumatambay para maghintay ng balita.

“Kuya, police beat ang assignment ko sa OJT. Nagtatrabaho ako n’un. At hindi nila ako pinalabas ng presinto dahil witness ako sa nangyari! It’s not like I started the fight.”

Muli siyang napatingin sa pintuan dahil narinig na niya ang pagpito ng kettle ni Top.

“Teka, kumukulo na ‘yung pampaligo ko. Maliligo na

ako kasi lalabas ako. Pupunta akong simbahan.”

“Okay. Pero, Haze, please. Don’t do anything stupid.”

Tumayo na siya para kunin ang tuwalya niya sa sampayan. “As if I would, Kuya.”

“Oo nga pala! Tumawag ako para sabihin sa ‘yo na baka next week pa ako makaakyat kasi ayaw pa ako paalisin ni Presidente. Sure kang okay ka lang d’yan na wala ako?”

“Opo naman! Huwag kang mag-alala. Okay lang talaga.”

“Sige. Basta mga limang araw hanggang isang linggo. Hintayin mo lang ako.”

“I will. Love you!”

“Love you rin. Ingat ka d’yan.”

Pinutol nila ang tawag at ibinaba ni Hazel ang telepono niya sa kama bago nagsimulang maglakad papunta sa pintuan habang dala ang mga gamit panligo pero natigilan siya.

Hindi na niya naririnig ang pagpito ng kettle. Marahan siyang sumilip sa labas ng silid. Mas malamig na naman ba sa corridor kaysa sa silid niya?

“Iking?” tawag niya na nakatingin sa kusina.

Walang sumagot.

Wala ka ngang kasama di ba? Umakyat na silang lahat dahil naka-duty?

Tahimik na tahimik. Pero imposibleng walang tao dahil malamang may nagpatay ng apoy sa kalan para manahimik nang ganoon kabilis ang kettle.

Rumaragasa na ngayon ang takot sa dugo niya at sumisipa na ang puso sa dibdib niya. Mahigpit na ang hawak niya sa tuwalya niya.

“Sino ‘yang nasa kusina?” malakas na tanong ni Hazel.

Kung wala pang sumagot, talagang babalik na siya sa silid, tatawag sa gate para pabalikin ang lahat ng mga

naroon para sunduin siya sa barracks dahil hindi siya lalabas nang mag-isa sa silid niya.

Suminghap siya sa gulat at napalundag pa nang sumilip ang isang sundalo sa pintuan.

“Henry!” bulalas niya na nakahinga nang maluwa. *Ay, Henry agad? Close na?* “I mean, Sarge!” Tumawa si Hazel. “Nakakatakot ka naman!”

“Sorry, ma’am,” sabi nito na may pag-aalala sa mukha. “Natakot ko ba kayo? Narinig ko kasi ‘yung kettle. Akala ko nalimutan lang nilang patayin ‘yung kalan.”

“Okay lang. Akala ko kasi... Sigurado kong pag-alis ko dito sa *Mansion* eh may sakit na ako sa puso!” Umiling siya at lumabas na ng kuwarto para puntahan ang binata. “Ngayon lang kita nakita rito sa barracks ah.”

“Opo nga,” magalang nitong saad. “Dumederecho na kasi ako ng uwi pagkatapos ng duty rito.” Pinag-aralan nito ang mukha niya. “Ano, nalaman ko kasi ‘yung nangyari sa ‘yo kanina. Nasaktan ka ba?”

Umiling si Hazel. “Hindi naman pero natakot lang ako n’ung una.”

“Huwag ka nang lumapit d’un sa kuwarto na ‘yun,” babala nito na may magkahalong pag-aalala at panic na alam ni Hazel na pilit nitong itinatago sa kanya. “Delikado kasi d’un. Kung hindi kita—” Pinutol ng binata ang sasabihin.

Tiningnan ito ni Hazel nang mapagtanong. Bumilis na ulit ang tibok ng puso niya pero hindi na sa takot. Kung hindi siya nito... ano? Crush?

Kapal.

“Kung hindi ako nag-aalala para sa ‘yo,” mabagal na simula ni Henry na hindi na makatingin sa kanya, “okay lang kung curious ka tungkol d’un sa kuwarto na ‘yun.”

Nagpigil ng ngiti si Hazel. Sige na, hindi pa siya nito crush pero nag-aalala ito sa kanya. Lamang na rin ‘yun ng isang paligo sa wala itong pake. Baby steps.

Nagpatuloy ang binata. “Pero alam mo naman na ‘yung kuwento di ba? May nangyari d’un na hindi maganda. Kadalasan kapag gan’un sa isang lugar, may naiiwan. D’un sa kuwento na ‘yun, may naiwang...” Huminto ito dahil tila hindi makahanap ng salita para ilarawan ang ibig nitong sabihin bago nagpatuloy, “aura na hindi ko maipaliwanag. Basta masama siya.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Hazel. “Ibig mong sabihin eh ‘yung multo ni Lt. Tanjuatco?” tanong niya na medyo disappointed yata dito kay Sarge. “Hindi naman siguro siya masama. Siguro dahil gan’un kabayolente ‘yung pagkamatay niya kaya hindi pa niya alam na patay na siya kaya hindi niya alam na nagmumulto siya.”

Natulala sa kanya nang saglit si Henry bago nagliwanag ang mukha nito na mas lalo pa tuloy nagpaguwapo rito kahit pa medyo judgy ito pagdating sa mga multo.

“Ipinagtatangol mo ba talaga ‘yung multo?”

Lalo siyang sumimangot. “Oo. Kasi victim blaming ka eh.”

Noon na tumawa ang lalaki bago ito umiling. “Hindi si Lt. Tanjuatco ang ibig kong sabihin. Ang ibig kong sabihin eh ‘yung bumaryl sa kanya.”

Nawalang parang bula ang pagkainis ni Hazel. “Ah. Akala ko sinisisi mo pa si Lt. Tanjuatco kung bakit siya nagmumulto eh.”

Halata ang pagkaaliw ni Henry sa kanya sa muli nitong pagtawa. “Alam mo, pareho kayo ng kuya mo.”

Ikiniling niya sa isang banda ang ulo. “Bakit?”

There was something soft in his expression as he looked at her. “Pareho kayong laging handang magtanggol sa mga hindi kayang ipagtanggol ang sarili nila.”

Si Hazel na ang mahinang tumawa. “Sorry. Weird ba na nagtatanggol ako ng multo? Na-curious kasi ako sa kanya eh, saka naawa ako base d’un sa kuwento ni Top. Idagdag mo pa na napanaginipan/nakita ko ‘yung

nangyari sa kanya. Para kasi siyang nanghihingi ng tulong.”

“At dahil malambot ang puso mo, tutulongan mo naman kahit kaluluwa.”

Nagkibit-balikat si Hazel. “Kung ako ‘yung multo at kailangan ko ng tulong para makatawid sa kabilang-buhay, wish ko lang may tutulong din sa ‘kin di ba?”

Matagal siyang pinagmasdan ni Henry na may namamanghang ekspresyon sa mukha nito. Pagkatapos ay mahina itong tumawa at muling umiling. “Basta huwag mo nang subukang buksan ‘yung pinto n’ung kuwarto na ‘yun,” hiling nito sa kanya.

“Nandito ka n’ung nangyari ‘yun di ba?” tanong niya para malimutan nitong hindi siya pumayag sa hiling nito.

Baka kasi kailanganin niyang tingnan ulit ‘yung kuwarto. Mas priority kasi niya ang malaman ang katotohanan kaysa protektahan ang sarili sa mga mini-heart attacks at trauma.

“Oo,” sagot ni Henry.

“Close ba kayo ni Lt. Tanjuatco?”

“Hindi masyado. Sila ni Top ang magkaibigan talaga.”

“Si Reyes? Nakakausap mo ba siya n’un? I mean, base sa pagkakakilala mo sa kanya, naisip mo bang posible niyang gawin ‘yung ginawa niya?”

“Ang alam ko he had a rough childhood. May dala siyang galit pero hindi ko naisip na aabot sa gan’un.”

“Naniniwala ka ba d’un sa sinasabi ni Top na mangkukulam daw siya?” tahimik niyang tanong.

Nagtama ang mga paningin nila ni Henry. Ikinagulat niya ang sagot nito.

“Oo,” seryoso nitong amin. “Kaya ko nga sinabi sa ‘yo na huwag mo nang subukang buksan ‘yung kuwarto na ‘yun. Hindi natin alam kung ano pa’ng iniwan ni Reyes d’un eh.”

Binalingan ni Henry ang kalan bago ito lumapit doon

at kinuha ang kettle ni Top. Walang nagawa si Hazel kundi sumunod sa lalaki papunta sa banyo.

“Saan ka maliligo?” tanong nito at itinuro niya ang paborito niyang shower stall sa loob. Pumasok doon si Henry at ibinuhos ang mainit na tubig sa timba na naroon.

“Thank you,” sabi niya nang maubos na ni Henry ang laman ng kettle at lumabas na ito. “Uuwi ka na ba?”

“Oo. Ikaw? Aalis ka ba?”

“Oo. Pupunta sana ako sa Cathedral. Ipagsisindi ko ng kandila si Lt. Tanjuatco. Gusto mo akong samahan?”

Biro lang ‘yun. Slight. Baka kasi pumayag eh.

Nagkaroon ng lungkot sa mga mata ni Henry pero ngumiti ito sa kanya. “Pasensya ka na. Hindi kasi puwede. Sa susunod na lang. Pero ‘yung kandila para kay Lt. Tanjuatco, maa-appreciate niya ‘yun.”

Tinugon ni Hazel ang ngiti ng lalaki kahit pa disappointed siya. “Sige. Magsisindi ako ng dalawa. Sabihin ko ‘yung isa galing sa ‘yo.” Sumenyas siya sa liguan. “Ligo na ‘ko. Ingat ka pauwi.”

“Ikaw rin. Ingat ka.”

Isinara niya ang pinto nang lumabas na si Henry ng banyo para ibalik ang kettle sa kusina. Napangiwi siya dahil sa ginawang pag-aya rito. Baka naman masyadong obvious na gusto niyang makasama si Henry! ‘Tapos unang aya pa lang niya, tinanggihan na siya nito agad! Nakakahiya naman.

Wala na. Traumatized na siya. Ayaw na nga niya! Ito na lang ang hihintayin niyang magpa-cute kung gusto nito. Hindi kaya ng puso ni Hazel ang rejection.



Nagsindi ng apat na kandila si Hazel sa simbahan—tig-dalawa sila ni Henry—pagkatapos ay ipinagdasal niya ang kaluluwa ni Lt. Tanjuatco.

Matapos dumaan sa Cathedral, nilakad ni Hazel ang

daan papunta sa opisina ng diyaryong pinagtatrabahuhan. Doon, ikinuwento niya kay Ma'am Donna ang tungkol sa kaso. Pero hindi na lang muna niya ikinuwento rito 'yung paranormal aspect.

"Alam mo naaalala ko 'yun," sabi ng boss niya. "Pero halos wala naman kaming nakuhang impormasyon n'un. Kung ano lang 'yung na-publish natin, 'yun na 'yun. Ni wala tayong picture ni Lt. Tanjuatco kasi hindi pumayag 'yung pamilya. Isa pa, PSG siya saka ano 'yun? *Special Forces* siya ng *Navy*."

"*Special Operations* po," automatic na pagtatama ni Hazel.

"Ano 'yun?"

"*Special Operations*. *Army* po kasi ang *Special Forces*. *NAVSOG* daw po si Lt. Tanjuatco. Pareho pong under ng *Special Operations* ang *Special Forces* ng *Army* at ang *NAVSOG* ng *Navy*."

Mabagal na tumango si Ma'am Donna. "Yeah, 'yun," sabi na lang nito kahit alam ni Hazel na hindi masyadong nasundan ng boss ang sinabi niya. "Kaya raw hindi puwedeng may pagkakakilanlan. Eh, wait. Ano bang balak mong gawin? Gusto mo isulat?"

"Curious lang naman po ako sa kaso. Gusto ko po balikan."

"Kailangan natin ng pahintulot n'ung pamilya ah, kung gusto mong isulat 'yun," babala nito. "Strict sila sa privacy ni Lt. Tanjuatco sa pagkakaalala ko."

"Okay lang, ma'am. Hindi ko pa rin naman napagdedesisyunan. Ngayon kasi, ang priority ko eh ma-satisfy 'yung curiosity ko tungkol sa nangyari sa kanya. Kung hindi ko maisulat o hindi ko puwedeng isulat, okay lang. Basta malaman ko 'yung buong kuwento."

"Sige, ikaw ang bahala. Pero 'yung feature mo sa *Mansion* at sa *PSG*, go na 'yun ah. Nasabi ko na sa main eh. Okay raw sila. Basta sabihan ko lang sila kapag ready

na.”

“Okay po.”

Nakigamit si Hazel ng Internet ng opisina para simulan na ang research pero gaya ng sabi ni Ma’am Donna, wala ni isang picture si Lt. Tanjuatco sa mga balita. Puro picture ng gate ng *Mansion* ang accompanying image sa mga articles. May isa na picture ng *Malacañang* ang kasama.

Pare-pareho rin ang balita, na binaril ito nang tatlong beses ng subordinate dahil daw sa hindi pa alam na kadahilanan, at na nag-iimbestiga na ang military sa nangyari.

Nagtapos din si Lt. Tanjuatco na ikalawa sa batch kaya nababanggit din ang pangalan nito sa mga balita tungkol sa top notchers ng *PMA* n’ung nagtapos ito pero ‘yun lang. Wala itong sariling feature, at wala itong matinong larawan. Isa lang ang nahanap ni Hazel na picture, nakatalikod pa si LT dahil tinatanggap nito ang *Vice Presidential Saber*. Kahit maganda ang likod ng tinyente, ano naman ang gagawin ni Hazel sa picture na ‘yun? Isa pa, kaya nga siya naghahanap ng picture eh puro likod nito ang naaabutan niya dahil tumatakbo nga ito palayo tuwing nakikita niya. Alangan namang habulin niya ‘yung multo para makita niya ‘yung mukha nito di ba? Mamaya lingunin pa siya n’un ‘tapos makita niyang walang mukha, o eh di lalo siyang nahimatay sa takot.

Maging si Sgt. Reyes ay walang picture online. Hinanap na rin niya ang lalaki kahit hindi naman niya malilimutan ang hitsura nito. Kapag may magsabi sa kanya ng salitang “evil” ang lalaki na agad ang naiisip niya.

Napansin din ni Hazel na lahat ng balita tungkol sa kaso ay nalathala sa loob lang ng dalawang araw. Matapos ang dalawang araw na laman ng mga balita, bigla na lang huminto ang pagbanggit doon. Wala nang update o follow-up at tila biglang nalimutan ng mundo ang nangyari.

Sinubukang hanapin ni Hazel ang mga personal pages ng tinyente, mga social media posts, tags at mentions ng mga kaibigan, pero wala rin.

Binalikan niya ang isa sa mga news articles ng diyaryo at binasa iyon ng buo.

Aaron Benedict Tanjuatco, 24, *PMA* grad, second sa batch niya. Attended and completed training with the *Naval Special Operations Group*, completed several highly classified missions before being personally selected by the president to join the *Presidential Security Group*.

Hmm, mukhang magaling talaga si LT ah. Pero bakit kaya siya naka-assign sa Baguio at hindi bilang close-in security ng pangulo? isip ni Hazel.

Binaril at napatay sa barracks ng *Presidential Security Group* sa *Mansion* sa Baguio City...

Alam na niya 'to lahat eh!

Statement galing sa spokesperson ng *PSG*, statement galing sa abugado ng pamilya na nanghihingi ng privacy sa oras ng pagdadalamhati...

Sa sobrang private, ni hindi niya nakuha ang pangalan ng mga magulang ni LT. Nag-check siya ng obituaries section para man lang makita 'yung listahan ng mga kamag-anak nito pero walang obit ang tinyente.

Sandali! Di ba may foster family ang lalaki rito sa Baguio? 'Yung nagpapatakbo ng women's shelter?

'Yun ang ni-research niya. May apat siyang nahanap na shelters pero di niya alam kung alin sa mga ito ang pinapatakbo ng foster family ni LT.

Hinipan ni Hazel ang bangs niya. Na-challenge siya ah. Sige lang, she loved challenges. Wala pa siyang topic na hindi naka-crack kahit gaano kahirap i-research. Mas lalo lang siyang nanggigil na malaman ang lahat tungkol sa kaso.

Madali lang 'yun kasi may advantage siya. May special access siya sa mga first-hand accounts ng mga witness.

Interviewhin na lang niya sina Top.

She can do this. Hindi siya titigil hangga't hindi sila natatahimik ni Lt. Tanjuatco. At least para sa kanya, madali lang. Kuryosidad lang niya ang iisipin niya. Ang tinyente, eh katahimikan.



Hapunan na nang bumalik si Hazel sa *Mansion*. Ibinaba niya sa hapag sa gitna ng mga kumakaing sundalo ang dala niyang dalawang lechong manok.

“Uy, yehey!” sabi ni Iking na mabilis binuksan ang supot.

Pagkaupong-pagkaupo pa lang ni Hazel, may pinggang may kanin na agad sa harapan niya, may kutsara't tinidor na, may mangkok na siya ng mainit na sabaw at isang baso ng juice.

“Ayus ah!” biro niya. “Mas mabilis pa ang service dito kaysa sa restaurant!”

“Ikaw ba naman ang magdala ng lechong manok, ma'am! Kundi ka ba naman pagsilbihan ng mga 'yan,” tawa ni Top.

Masaya ang mood ng mga ito kaya nagdalawang-isip si Hazel kung babanggitin ba niya ulit si Lt. Tanjuatco. Baka kasi magpulasan sa takot ang mga sarhento. Isa pa, alam niyang kaibigan nga ni Top si LT. Baka mahirap para rito na pag-usapan nila ang tinyente. Sa huli, nagpasiya na lang siyang sa ibang araw na lang ito kausapin.

Hindi siya pinagligpit ng mga kasama nang matapos silang kumain pero nagpumilit si Hazel na siya na ang magpupunas ng mesa. Tumatawa siya nang lumabas ng kusina dahil nagkunwaring sasama sa kanya si Tan at iiwang mag-isa si Iking habang naghuhugas ito ng pinggan.

“Subukan mong lumabas ng kusina, ibabato ko sa 'yo 'tong kawali!”

“Hala, King! Ano ‘yang dumaaan sa bintana?!”

“INAKA!”

Tumatawa pa rin si Hazel hanggang sa makarating siya sa silid niya para kunin ang tuwalya niya. Mabilis lang siyang nagbanyo ‘tapos ay naghanda na siyang matulog.

Naglista siya ng mga gusto niyang itanong kina Top, Iking, Henry at sa iba pa tungkol kay Lt. Tanjuatco. Nagplano na rin siya ng trip sa *PMA*. Kung wala siyang makitang picture ng tinyente sa diyaryo, alam niyang nagpo-post ang *PMA* ng class pictures sa museum nila. Susubukan niyang hanapin doon si LT. O kaya manlalambing siya na pahiramin siya ng yearbook o kahit kopya ng magazine nila habang nag-aaral d’un ang tinyente. Kahit ano! Masipag naman siya. And she had to start somewhere.

Nang dalawin ng antok, itinabi na niya ang tablet niya at nagpatay na siya ng ilaw. Mabilis siyang nahiga sa kama at nagtalukbong. Isinuot din niya ang beanie cap niya para mainitan ang tainga niyang sumasakit sa madaling-araw dahil sa lamig. Pagkatapos, siniguro niyang suot niya ang rosary bracelet na binili kanina sa tindera sa Cathedral para may proteksyon siya.

Hindi porke concerned siya sa kaluluwa ni Lt. Tanjuatco eh okay lang na magpakita ito sa kanya ano!

Naalala niya bigla ang sinabi ni Henry tungkol kay Reyes. Yun pala ang mas dapat niyang ikatakot dahil baka ito ang nag-iwan ng tunay na lagim sa barracks. Yung isa eh nanghihingi lang naman ng tulong at ng dasal. Yung isa...

Nahintakutan siya.

Nagdasal na rin si Hazel. Nag-thank you siya sa mga biyaya at ipinagdasal muli si Lt. Tanjuatco. Pagkatapos ay nag-rosary siya pero nakakahiya mang sabihin, on schedule na hindi na niya alam ang sinasabi niya nang

dumating siya sa third Glorious Mystery.

*Holy Mary, mother of God, as it was in the beginning,
now and amen...*

Pagkatapos ay tuluyan na siyang nakatulog.



“Top, gising! Binaril ako ni Reyes!”

Biglang bangon si Hazel na nalimpungatan sa pagalog ng kama niya. Dinig na dinig niya ang panic sa boses ng isang lalaki. Kumurap-kurap siya sa dilim pagkatapos ay bumangon siya bago pa maunahang muli ng takot.

Dala ang kumot na nakabalot pa rin sa katawan, tumayo siya, binuhay ang ilaw at binuksan ang pinto. Maliwanag sa labas pero wala siyang nakitang sundalong tumatakbo ngayon, di tulad n’ung una.

Pero dinig na dinig niya ang boses nito nang gisingin siya nito, ‘yung takot nito, ‘yung paghihinagpis. At naaalala pa niya ang pag-alog nito ng kama niya.

Nang magsimula nang manindig ang mga balahibo niya, umatras nang muli si Hazel papasok ng silid niya. Hindi niya napigilang mapatingin sa pinto sa kabilang silid.

Nakaawang iyon.

Nagyelo na ang dugo ni Hazel at hindi na siya makakilos. Nadama niya muli ang kakaibang lamig sa balat niya at ‘yung pakiramdam na may nakatingin sa kanya.

Kapag may makita talaga siyang pulang mata sa siwang...

Huminga nang malalim si Hazel. Hindi na niya itataas ang mga mata para tingnan. Huminga siya nang malalim saka sumigaw nang pagkalakas.

“TOOOOOOOP!”

Nagkalabugan sa mga karatig-silid na para bang sabay-sabay na naglundagan ang mga sundalong biglang

ginising ng pagsabog ng bomba. Sunud-sunod na nagsibukasan ang mga pinto at nagmamadaling lumabas sina Top at ang mga *PSG* nito na nakasuot ng kani-kanilang pantulog. Ang ilan ay armado.

Pero lahat sila ay napalundag sa takot nang biglang malakas na sumara ang pinto ng silid sa dulo ng corridor na para bang padabog iyong itinulak ng kung sinumang nasa loob.

Saglit silang natahimik, saglit lang talaga, bago sila nagsitakbuhan palayo.